PAHAYAG NG KANYANG PAGDATING

BANAL NA KASULATAN

BILANG 92 "Ngunit Tumiwala ako sa iyo, oh Panginoon : aking sinabi : Ikaw ay aking Diyos" (Awit 31:14)

Harapin ang Bukas Nang May Pananampalataya sa Diyos

by W.C. Moore

Ang mga araw na ito, sa maraming kaparaanan, ay mga araw ng kadiliman. Tumataas ang kriminalidad; nailalantad ang nakagugulat na imoralidad at korapsyon maging sa mababa o mataas na antas ng lipunan; lalong tumitindi ang karahasan at pabata nang pabata ang mga gumagawa nito at ang kanilang mga biktima; nakababahala ang pagtaas ng bilang ng mga nawawasak na tahanan; mas kalunos lunos ang mga pang-aabuso sa mga kabataan bago pa man at maging pagkatapos na sila ay isilang; mas lalo pang tumataas ang pagkamuhi, ang pagpapahayag at ang paglaganap ng ispiritung kumakalaban sa Diyos; nakapasok na sa napakaraming mga iglesya ang kamunduhan at pakikipagkasundo kung saan dati ipinapangaral ang Ebanghelyo nang may kapangyarihan at kadalisayan. Maaari mong pangalanan ang iba pang mga bagay na nagbibigay dalamhati at pag-aalala o pagkabahala sa iyo.

Ano ang Dapat Gawin ng Isang Kristiyano? "Ang kasamaa'y lalaganap, kaya't manlalamig ang pag-ibig ng marami" (Mateo 24:12).

Ang katotohanang lumaganap na nga ang kasamaan at ang pag-ibig ng marami ay nanlamig ay hindi nangangahulugan na dapat tayo man ay maging kabilang sa "marami" na nanlamig sa kanilang pag-ibig sa ating mapagpalang Panginoon! Sa halip, dapat ito ay maging isang direktang paghamon at isang babala sa atin upang gisingin ang ating mga sarili na magtiwala sa Diyos at magpatuloy nang higit pa sa dati sa pag-abot sa marka o adhikain at magpatuloy sa pananampalataya sa Diyos sa kabila ng madilim na sitwasyon.

Ang mapanganib na panahon na binabanggit sa Salita ng Diyos (2 Tim. 3:1-17) ay isang pagtawag, hindi upang umatras o magbawas, bagkus pagtawag ito upang sumulong o sumugod. Mga araw ng pagkakataon ang mga araw ng katatakutan at panganib na kinakaharap natin ngayon. Tayong mga Kristiyano ay hindi tinawag upang ipikit ang ating mga mata sa kahindik hindik na katotohan na nakikita natin sa ating paligid, o ibaon ang ating mga ulo sa buhangin na katulad ng ostrich, at umasang bubuti din ang lahat, o kaya'y umakto na may pagkasindak at tumakbo palayo sa matinding sitwasyon.

Tinawag tayo ng Panginoon na maging mga saksi Niya sa kalagitnaan ng mga tao (Gawa 1:8). Hindi tayo dapat naghahanap ng butas na pagtataguan, bagkus maghanap tayo ng tao na babahaginan natin ng ating patotoo. Kailangan nating ilabas ang ating mga ilaw mula sa ilalim ng takalan ng takot, kawalan ng paniniwala, at kawalang pakialam para sa kamatayan ng napakaraming mga taong nasa ating paligid (Mateo 5:14-15). Sinabi ni Hesus, "Gayundin naman, dapat ninyong pagliwanagin ang inyong ilaw sa harap ng mga tao upang makita nila ang inyong mabubuting gawa at papurihan ang inyong Ama na nasa langit" (Mateo 5:16).

O, ang hayaang ang liwanag ng pag-ibig ng Diyos, at ang katiyakan ng dakilang kaligtasan kung paano Niya tayo niligtas at ang liwanag nang hindi matatawarang debosyon ng Panginoon na ating iniibig at pinagkakatiwalan—ang nawa'y magliwanag sa mga nahintakutan at nabigong mga tao upang sila man ay lumapit sa Diyos!

Lubos na Pagtitiwala sa Katapatan ng Diyos

Sa madilim na mga oras na ito, harapin mo ang lahat ng problema nang may lubos na pagtitiwala sa katapatan ng Diyos. Walang ano mang siwasyon, kundisyon, o walang mahirap, sangkot, hindi tukoy, hindi subok, madilim at mapanganib na kalagayan o kumbinasyon man ng lahat ng mga kalagayang ito ang mahirap para sa Diyos. Alam Niya ang lahat ng bagay. At may pag-aalala Siya para sa atin (1 Pedro 5:7; 1 Juan 3:20). Walang ano mang bagay na mahirap para sa Diyos (Jeremias 32:17). Ang lahat ng bagay ay posible sa Diyos (Mateo 19:26).

Sa halip na harapin nang may takot at pagkasindak at pangangatog ang mga mahihirap na sitwasyon, buhol buhol na hadlang, mahirap sugpuin na mga hadlang, nagbibigay dalamhating mga pagsubok, malalaking mga hinihingi, mabibigat na katungkulan—dapat tayo'y magsaya! Higit na malaki ang Diyos pagsama-samahin man ang lahat, at minamahal Niya tayo at hinahangad na magtiwala tayo sa Kanya at palaging sumunod. Higit na malaki ang Diyos kaysa sa ano mang krisis na maaaring sumisindak sa iyo ngayon.

Magsaya ka kung ang mga imposibleng katungkulan ay inihain sa iyong daraanan, sapagkat ang mga bagay na ito ay dagling nagtuturo sa atin na tanging sa pamamagitan lamang ng tulong ng Diyos maaari nating gampanan ang mga katungkulang ito sa paraang magbibigay kaluguran sa Diyos, magbibigay luwalhati sa Kanya, at magbubunga ng kaganapan ng Kanyang kalooban sa lupa gaya ng sa langit.

Huwag kang haharap sa mahirap at tinutukoy na mga gawain at kalagayan nang may takot sa puso at isipan, na para bang umalis ang Diyos at iniwan tayo, na para bang nawala ang Kanyang kapangyarihan at ang Kanyang karunungan at ang Kanyang pagiging makapangyarihan, na para bang hindi Siya ang ating tapat na Maylikha, na sa Kanyang pag-big ay ipinahayag na at ipinakita ang Kanyang habag sa atin sa pamamagitan ng pagbibigay ng Kanyang bugtong na Anak (1 Pedro 4:12-19; Roma 8:26-39). Sa halip na tayo ay "mahiya at tumalikod" sa mabibigat na suliranin katulad ng isang takot na hayop, harapin natin ang mga ito nang may pagkasabik sapagkat magbibigay ito ng pagkakataon sa Diyos upang mas maipahayag Niya ang Kanyang katapatan at Kanyang higit sa karaniwang kapangyarihan. Alleluya!

"Huwag kayong mabalisa tungkol sa anumang bagay. Sa halip, hingin ninyo sa Diyos ang lahat ng inyong kailangan sa pamamagitan ng panalanging may pasasalamat" (Filipos 4:6).

Mamuhay ng Tama

Hanggang sa huli upang palagi nating maranasan ang tulong ng Diyos, tiyakin nating ang ating mga buhay ay naaayon sa Kanyang kalooban, ayon sa Kanyang Salita—na hindi tayo namumuhay sa kasalanan, na hindi natin binibigyang lumbay ang Diyos sa pamamagitan ng kawalan ng paniniwala sa Kanyang Salita, sa pamamagitan ng pagtuligsa sa ibang mga Kristiyano, sa pamamagitan ng kawalang pag-aalala, sa pamamagitan ng pagiging makasarili, sa pamamagitan ng pandaraya, sa pamamagitan ng pagkamuhi sa ibang tao, sa pamamagitan ng pagpapabaya sa mga katungkulan, o sa pamamagitan ng iba pang kasalanan ng pagpapabaya o ng tiyak na pagsuway.

"Mga minamahal, kung hindi tayo inuusig ng ating budhi, makakalapit tayo sa Diyos na panatag ang ating kalooban. Tinatanggap natin ang anumang ating hilingin sa kanya dahil sinusunod natin ang kanyang mga utos at ginagawa ang nakalulugod sa kanya" (1 Juan 3:21-22).

"Huwag Kang Matakot"

Walang paligoy ligoy na sinabi ng ating kamangha manghang Panginoon: "Huwag kang matakot" (Lukas 8:50). Buong ingat at puso nating sundin ang kautusang ito ng ating Panginoon. Kamuhian natin at pandirihan ang takot at kawalang paniniwala higit pa sa pandidiri natin sa basura. "...Kapootan ninyo ang masama; makisanib kayo sa mabuti" (Roma 12:9). "...Hindi sa tinapay lamang mababuhay ang tao, kundi sa bawa't salitang lumalabas sa bibig ng Diyos" (Mateo 4:4). Kung kaya't kumain ka ng Salita ng Diyos. Pagnilay nilayan mo ang Kanyang Salita. Kailangan mong mapaghulo na kailangan ng ating kaluluwa, maging ng ating katawan, ang pagkain. Paglaanan mo ng oras, huwag magmadali, gamitin ang oras sa pagbabasa at maging sa pagninilay nilay sa Salita ng Diyos, upang malaman mo ang Kanyang kalooban at upang maging malakas ka na gawin ang Kanyang kalooban!

Kumain ka ng Salita ng Diyos higit pa sa ginagawa mong pagkain para sa iyong katawan. Magnilay nilay ka sa Salita ng Diyos at sa sinasabi ng Diyos higit pa o mas higit pa ng di hamak sa kung ano ang mababasa sa pahayagan, o sa sinasabi ng radyo, o kahit sa ano pang sabihin ng sino man at ano man.

Magtiwala sa Diyos sa Gitna ng Kadiliman

Naghintay ng napakaraming taon sa pananampalataya si Abraham para sa kapanganakan ni Isaac. Maaaring kailangan nating matutuhan na patuloy na maniwala kahit na maantala ang pagdating ng mga sagot sa panalangin. Kakailanganin nating matutong magtiwala sa Diyos sa gitna ng kadiliman!

"Sino sa inyo ang natatakot sa Panginoon, na sumusunod sa tinig ng kaniyang lingkod? Siyang lumalakad sa kadiliman, at walang liwanag, magtiwala siya sa pangalan ng Panginoon, at umasa sa kaniyang Diyos" (Isa. 50:10).

Hindi ba't kailangan ng batang matutong magtiwala sa kanyang mga magulang sa gitna ng dilim? Ano pa kaya tayong mga nagsisi sa ating mga kasalanan at nilinis ng dugo ni Hesus, na naniwala sa Anak ng Diyos para sa ganap at walang bayad na kaligtasan—gaano pa kaya natin pagtitiwalaan ang ating dakilang Makalangit na Ama kahit pa tinatawag Niya tayong lumakad minsan sa dilim!

Si David ba ay laging nasa tuktok ng bundok? Si Pablo ba ay laging wala sa lupa ng kapighatian at kaguluhan? (Basahin ang Awit, 2 Korinto 11:23-33; 12:1-10; Filipo 4:13.) Paano natin malalaman kung gaano kalalim ang ating pag-ibig sa Diyos, at ng Kanyang pag-ibig sa atin, kung hindi Niya tayo hahayaang matukso at masubok? Alalahanin natin ang "lahat ng bagay" ng Roma 8:28—"At nalalaman natin na ang lahat ng mga bagay ay nagkakalakip na gumagawa sa ikabubuti ng mga nagsisiibig sa Diyos, sa makatuwid baga'y niyaong mga tinawag alinsunod sa kaniyang nasa."

O, ang mapasa kaibuturan ng ating mga puso ang simple at katulad ng sa batang pagtitiwala sa Diyos na nagbibigay saya sa Kanyang puso! Maraming taon ang nakalipas na iniisip ko, "Napakahirap magkaroon ng pananampalataya. Napakahirap maniwala." Agad na nagsalita ang Panginoon sa aking puso: "Hindi mahirap ang maniwala. Maging ang isang bata ay kayang magtiwala. Hindi mo na kailangang mag-isip upang ikaw ay magtiwala." At sa mahabang panahon, iyan ang nagbigay sa akin ng kalakasan ng loob at kaalwan.

"Magtiwala ka sa Panginoon ng buong puso mo, at huwag kang manalig sa iyong sariling kaunawaan" (Kawikaan 3:5). Habang sinusunod natin ang Salitang ito at nagtitiwala sa Panginoon nang buong puso, wala ng lugar sa ating puso upang mag-alala, o matakot o mabalisa. Hindi nga tayo dapat "sumandal" sa ating sariling pang-unawa. Wag mong bigyan ng lugar ang pag-aalinlangan at takot! Labanan mo ang diyablo. Huwag mo siyang bigyan ng lugar (Santiago 4:-7-8; Efeso 4:27).

Tingnan Mo ang Bahaghari sa Ulap ng Bagyo!

Ang Diyos ay mapaghimalang Diyos. Ang Kanyang mga paraan ay hindi natin paraan (Isaias 55:8-13). Dapat lang na maganap na ang pangako ng Diyos kay Abrahan na siya'y magkakaroon ng anak na lalaki at tagapagmana, nguni't ipinanganak si Isaac noong si Abraham ay "halos patay na" (Hebreo 11:8-12).

Noong ang Panginoon, ang mapaghimalang Anak ng Diyos, ay napako sa krus sa pagitan ng dalawang magnanakaw at nagkawatak watak ang mga alagad, hindi ba iyon ang oras ng hatinggabi ng dalamhati at hindi mabigkas na pagkatalo-sa panlabas na paningin—para sa mga tagasunod ni Hesus? Nguni't pagkalipas ng limampung araw, ang dakilang pagbabagong buhay ay dumating noong araw ng Pentecost! Libu libong mga Hudyo ang naligtas bago dumating ang paghuhukom sa bansa ng mga Hudyo, at sila ay pansamantalang pinutol at ang mga Hentil ay isinanib.

Bagama't nabubuhay tayo ngayon sa isa sa pinakamadilim na oras ng sanlibutan pagkatapos ng Kalbaryo, maniwala tayo sa Diyos na magpapadala Siya ng isa pang dakilang Pentecost at magliligtas ng napakaraming mga tao mula sa grupo ng mga Hentil bago Niya ibalik muli ang Israel sa Kanyang pabor (Roma 11:1-32). Ipaling natin ang ating mukha (Dan. 9:3) at gisingin ang ating mga sarili na humawak sa Diyos (Isa 64.7), at patuloy na manalangin hanggang sa dumating ang Diyos at magpaulan ng katuwiran sa atin (Hos. 10:12), at katulad ng Kanyang pangako, magbuhos ng ating Espiritu sa lahat ng laman at magligtas ng maraming tao para sa Kanyang kaluwalhatian (Joel 2:28-32; Santiago 5:7).

Ang Ating Kanlungan sa Panahon ng Kaguluhan

Ni Rich Carmicheal

Habang ginagawa namin ang nakaraang buwang isyu na may temang pananampalataya, naramdaman naming ginagabayan kami ng Panginoon na ilaan ang isyung ito sa kaparehong tema, nguni't may espesyal na pagtuon sa kahalagahan ng pananampalataya sa gitna ng kaguluhan at mga pagsubok. Kung ikaw ay nasa ganoong kalagayan umaasa kami at nananalangin na kikilos ang Panginoon sa isyung ito upang magpalakas ng loob at ng pananampalataya sa Kanya.

Ibinahagi ng Mang-aawit ang dakilang mga katotohanan na "Ang Diyos ay ating ampunan at kalakasan, handang saklolo sa kabagabagan" (Psa. 46:1). At dahil dito, "Kaya't hindi tayo matatakot bagaman ang lupa ay mabago, at bagaman ang mga bundok ay mangaglipat sa kagitnaan ng mga dagat; Bagaman ang mga bundok ay mangauga dahil sa unos niyaon" (vv. 2-3). Sa madaling salita, walang ano mang mahirap para sa atin kung ang Diyos ay nasa atin! Maging tayo man ay lumakad sa kailaliman at kadilimang lambak, maging sa pagitan ng lambak ng kamatayan, hindi tayo dapat matakot sa kasamaan, sapagka't ang Diyos ay nasa atin, at ang Kanyang pamalo at tungkod ang ating kaginhawahan (Awit 23:4).

Ang mahalaga sa panahon ng kahirapan (at sa lahat ng panahon) ay ang paglapit natin sa Panginoon, at ang makilala Siya at magtiwala sa Kanya nang higit pa. Sa katunayan, isa sa mga biyaya nang kabigatan higit pa sa sukatan at kalakasan, maging hanggang sa punto ng kawalan ng pag-asa, ay ang malagay tayo sa sitwasyon na mas makikilala natin ang Persona at kapangyarihan ng ating Diyos at ng Kanyang kakayahan at katapatan na mailigtas tayo (2 Corinto 1:8-10). Katulad nga ng obserbasyon ni Hudson Taylor, kadalasan na ...

...Panahon ng Kaguluhan...

(pagpapatuloy sa pahina 1)

sadyang inilalagay ng Diyos "ang Kanyang mga anak sa mga kahirapan upang makilala nila Siya sa paraang hindi nila magagawa kung walang ganoong karanasan." Kung kaya't hindi talaga mahalaga, kung gaano kabigat ang mga diin, mahalaga lang kung saang bahagi inilalagay ang pagdiin. Tiyakin na hindi kailanman magiging hadlang sa pagitan mo at ng Panginoon--kung saan, mas mabigat na diin, mas inilalapit ka sa Kanyang dibdib o kanlungan.

Ang mga Benepisyo ng Paglapit

Kaya "Tayo'y magsilapit na may tapat na puso sa lubos na pananampalataya...Na ating ingatang matibay ang pagkakilala ng ating pag-asa upang huwag mag-alinlangan: sapagka't tapat ang nangako" (Hebreo 10:22-23). Habang itinutuon natin ang ating paningin at puso sa Panginoon at lumalapit sa Kanya nang may pagpupuri, sa pamamagitan ng panalangin at ng Kanyang Salita, mas higit nating mauunawaan na Siya ang pinagmumulan ng ating buhay, kapayapaan, kalakasan, kagalakan, kalakasan ng loob at pag-asa, at Siya ang Kanyang biyaya ay sapat!

Sa kanyang aklat na Fresh Faith, itinuro ni Jim Cymbala na "ang pananampalataya ay napapalago kapag tayo'y nananahan sa presensya ng Diyos, naglalaan ng panahon sa pagmamahal sa kanya at pakikinig sa Kanyang tinig. Madalas dumadaloy sa atin ang kalakasan na magpatuloy sa pananampalataya samantalang tayo ay simpleng nagpupuri sa Panginoon. Ang pangako ng Kasulatan ay nakatutuwang nabubuhay habang inilalagay Niya ito sa ating mga puso." Sumisibol na muli ang pananampalataya habang naghihintay ang mga tao sa "Nag-iisa at bukod-tanging nakagagawang ayusin ang lahat sa buhay."

Tingnan na lang ang karanasan ng Propetang si Jeremiah. Sa gitna nang napakatinding dalamhati at panaghoy, noong nawala na ang kanyang lakas at pag-asa, napaningas niya ang pag-asa sa pamamagitan ng pagtuon ng kanyang atensyon sa Panginoon: Ito ang ginugunita ko sa aking pagiisip; kaya't may pag-asa ako. Sa mga kaawaan nga ng Panginoon ay hindi tayo nalipol, sapagka't ang kaniyang mga habag ay hindi nauubos. Ang mga yao'y bago tuwing umaga, dakila ang inyong pagtatapat. Ang Panginoon ay aking bahagi, sabi ng aking kaluluwa; kaya't ako'y aasa sa kaniya. Ang Panginoon ay mabuti sa kanila na nangaghihintay sa kaniya, sa kaluluwa na humahanap sa kaniya" (Lam. 3:21-25).

Ang pangunahing isyu para sa atin sa panahon ng pagsubok ay kung itutuon natin ang ating buong atensyon sa Panginoon, maghintay sa Kanyang presensya at magtiwala sa Kanya at sa Kanyang mga pangako sa atin na nasusulat sa Kanyang Salita. Lalapit tayo sa Kanya, at katulad ng sinabi ni David, sabihin mo, "Nguni't magtitiwala ako sa iyo, O Panginoon: aking sinabi: Ikaw ay aking Diyos. Ang aking mga kapanahunan ay nasa iyong kamay..."? (Awit 31:14-15). Pagtitiwalaan ba natin Siya na gagawa ng mabuti sa ano mang pagsubok na ating kahaharapin, at ililigtas tayo sa takdang panahon? (Roma 8:28; Awit 91:15). Mailalagak ba natin ng may pananampalataya sa Kanya ang lahat ng ating kabalisahan, sa kaalamang nagmamalasakit Siya para sa atin? (1 Peter 5:7)). Ilalagay mo ba ang iyong pasanin sa Kanya, nagtitiwala sa Kanya na aalalayan tayo? (Awit 55:22). Mababalisa ba tayo sa wala, bagkus sa pamamagitan ng panalangin, itataas ang lahat sa Kanya? (Filipino 4:6). Magtitiwala ba tayo sa Kanya ng buong puso, at hindi sasandal sa ating sariling pang-unawa? (Kawikaan 3:5). Kikilalanin ba natin Siya sa lahat ng ating mga lakad, at magtitiwala sa Kanya na itututuro ang ating mga landas? (v. 6). Ang Diyos ay tapat at makaaasa tayo ng lubos na tutuparin Niya ang Kanyang mga pangako sa atin kapag tayo'y nagtiwala sa Kanya. Lumapit ka sa Kanya, at lalapit Siya sa iyo! (Santiago 4:8).

"Ang Panginoon naman ay magiging matayog na moog sa napipighati, matayog na moog sa mga panahon ng kabagabagan; At silang nangakakaalam ng iyong pangalan ay maglalagak ng kanilang tiwala sa iyo; sapagka't ikaw, Panginoon, ay hindi mo pinabayaan sila na nagsisihanap sa iyo" (Awit 9:9-10).

Parating na si Kristo!

Ni Charles H. Spurgeon

Kadalasan nililibang ko ang sarili ko sa kaisipang Darating na ang Panginoon. Ang sigaw ay maririnig, "Alleluia! Alleluia! Ang Panginoong Diyos na Makapangyarihan sa lahat ang naghahari." Ang aking inaasam na pinananabikan ay ang pinagpalang Araw ng katuwiran ay malapit nang pumailanglang na may dalang kagalingan sa Kanyang mga pakpak, na ang mga inaapi ay mabibigyang hustisya, na ang paniniil ay mahihinto, na ang kalayaan ay maitatatag, na ang kapayapaan ay mananatili, at ang dakilang kalayaan ng mga anak ng Diyos ay mapapalawig sa sanlibutan. Kristiyano! Kung gabi na sa iyo, isipin mo ang bukas; pasiglahin ang iyong puso sa kaisipan ng Pagdating ng iyong Panginoon. Magtiyaga ka, dahil alam mo kung sino ang nagsabi, "Narito, ako'y madaling pumaparito; at ang aking ganting-pala ay nasa akin, upang bigyan ng kagantihan ang bawa't isa ayon sa kaniyang gawa" (Pahayag 22:12).

A, mananampalataya, maaari mo ng aliwin ang sarili mo sa kaisipang iyan! Maaaring ang ulo mo ngayon ay puno ng koronang tinik ng kaguluhan, nguni't hindi magtatagal at puputungan ito ng mabituing korona; maaaring puno ng alalahanin ang mga kamay mo ngayon, nguni't di magtatagal at hahawak ito ng alpa, isang alpang puno ng musika. Maaaring puno ng alikabok ang suot mo ngayon; hindi magtatagal at magiging maputi iyan. Maghintay pa ng konti. Magpatuloy tayo, kung gayon, at kapag ang gabi ay lubhang madilim, alalahanin mo na walang gabi na hindi magkakaroon ng umaga; at darating maya maya pa ang umaga.

Pagtitiwala sa Panahon ng Bagyo

Ni Alexander Carson

"At narito, bumangon ang isang malakas na bagyo sa dagat..." (Mateo 8:24).

Ano! Ang barko ba na naglulan kay Hesus ay inabutan ng bagyo? Kung talagang may Kalooban ng Diyos, hindi ba natin dapat asahan na maging payapa ang dagat kapag naglayag ang Anak ng Diyos? Ihahagis ba ng marahas na hangin ang mga alon, o sasalakayin ang barko lulan ang Maylikha? Hindi ba't ipagbabawal ng karunungan ng tao ang bawat marahas na pagsabog, at utusan ang mahinang simoy ng hangin na punuin ang mga layag?

Hindi ganoon ang karunungan ng Banal na Kalooban ng Diyos. Sumampa sa barko si Hesus, napakawalan ang nagngangalit na bagyo: sumuray-suray ang barko, ang nakangangang kailaliman ay nagbabadyang lamunin ang lahat.

"At pagkalulan niya sa isang daong, ay sinundan siya ng kaniyang mga alagad. At narito, bumangon ang isang malakas na bagyo sa dagat, na ano pa't inaapawan ang daong ng mga alon: datapuwa't siya'y natutulog. At nagsilapit sila sa kaniya, at siya'y ginising, na sinasabi, Panginoon, iligtas mo kami; kami'y mangamamatay. At sinabi niya sa kanila, Bakit kayo'y nangatatakot, Oh kayong kakaunti ang pananampalataya? Nang magkagayo'y nagbangon siya, at sinaway ang mga hangin at ang dagat; at humusay na totoo ang panahon. At ang mga tao ay nangagtaka, na sinasabi, Anong tao ito, na maging ang mga hangin at ang mga dagat ay nagsisitalima sa kaniya? (Mateo 8:23-27).

At ito ang maalam na Kalooban ng Diyos. Niluluwalhati nito ang Anak ng Diyos sa pamamagitan ng pagbibigay sa Kanya ng pagkakataon na ihayag ang Sarili bilang Panginoon ng karagatan at ng mga hangin. "Kapayapaan, at manahimik ka," wika ng Panginoon, at ang dagat ay humupa at kuminis na katulad ng balde ng gatas. Ito ang kaparehong kapangyarihan na nagwika upang mabuo ang sanlibutan. Ang Kalooban ng Diyos ay para rin sa kabutihan ng mga alagad. Nagpayabong ito ng kanilang pananampalataya sa Anak ng Diyos.

Kapag naglayag ang mga anak ng Diyos, hindi dapat nilang asahan na ang Kalooban ng Diyos ang magbibigay sa kanila ng magandang panahon. Kung naranasan ng Anak ng Diyos ang isang bagyo, Hindi pwedeng makiusap ang Kanyang mga tao na hindi sila dapat saklaw nito. Nguni't may karapatan silang manalangin para sa isang masaganang paglalakbay, at umasam na ang Kalooban ng Diyos ang magbibigay nito, kung wala namang layunin ang Banal na Karunungan para sa bagyo.

Hindi inilalagay ng Diyos sa pagsubok ang Kanyang mga tao kung hindi kinakailangan: kung hinahayaan man Niyang makaharap nila ang panganib, ito'y upang gisingin sila at tumawag sila sa Kanya, at maniwala sa Kanyang kapangyarihan at pag-ibig.

Sinaway ni Hesus ang takot ng mga alagad. Nasaan na ang kanilang pananampalataya? Hindi ba't malapit lang si Hesus? At hindi ba't palagi namang nandiyan si Hesus para sa Kanyang bayan? Kung gayon hayaan ninyo silang tumawag sa Kanya nang may pagtitiwala sa sarili, "Panginoon, iligtas mo kami!"

Ang Kristiyanong Paraan sa Pagharap sa mga Pagsubok

Ni D. Martyn Lloyd-Jones

"Na ito ang inyong totoong ikinagagalak, bagama't ngayo'y sa sandaling panahon, kung kailangan, ay pinalumbay kayo sa muli't muling pagsubok," (1 Pedro 1:6).

Isa itong batas, ayon sa Banal na Kasulatan, na sa ating buhay at pamumuhay, kapag lumalapit tayo sa Panginoong Hesus, mas malaki ang posibilidad na makakaharap natin ang mga kaguluhan sa sanlibutan. Tingnan natin Siya. Wala Siyang ginawang masama, at ni wala ring nakitang panlilinlang sa Kanyang labi. Ginugol Niya ang Kanyang panahon sa pagpapagaling sa mga tao, paggawa ng mabuti at pangangaral; at sa kabila nito tingnan mo ang mga oposisyon, tingnan mo ang mga pagsubok na kinailangan Niyang pagdaanan. Bakit? Sapagkat gayon Siya. Sa kaibuturan ng puso ng sanlibutan, ito ay namumuhi kay Kristo at sa mga Kristiyano sapagka't nararamdaman nila ang paghatol ng mga banal ang pamumuhay. Hindi ito gusto ng taong makamundo sapagka't hindi siya maginhawa sa ganoong pamumuhay.

Alam ng mga alagad kung ano ang dinaranas ng mga taong ito sa kamay ng mga masasama, at malinaw niya itong isinulat sa ika-apat na kabanata: "Sapagka't sukat na ang nakaraang panahon upang gawin ang hangad ng mga Gentil, at lumakad sa kalibugan, sa mga masamang pita, sa mga paglalasing, sa mga kalayawan, sa mga kayamuan, at sa kasuklam-suklam na pagsamba sa mga diosdiosan: Ikinahahanga nila ang bagay na ito na kayo'y hindi nakikitakbong kasama nila sa gayong pagpapakalabis ng kaguluhan, kung kaya't kayo'y pinagsasalitaan ng masama" (vv. 3-4).

Naiinis ang sanlibutan sa mga ganitong tao sapagka't tinalikuran nila ang gayong uri ng pamumuhay at namuhay sila ng Kristiyanong pamumuhay: Noong naging mga Kristiyano sila, nakaaway naman nila ang sanlibutan. Ang mga taong dati rati ay nakikipagkaibigan sa kanila, ngayon ay hindi na sila pinapansin at sinimulan na silang pulaan at pagsalitaan ng hindi maganda—at ang masama pa—sinasabi nila ito sa iba.

Iyan ang isang bagay na nagdudulot sa kanila ng pighati. Nakaramdam sila ng kabigatan dahil dito, at ito ang isang bagay na kailangang batahin o pagtiisan sa loob ng mga siglo. Wala nang hihigit pa sa kabigatan na dulot ng hindi pagkakaunawaan sa ibang mga tao, at mas nagiging mabigat pa at mahirap kapag nangyari ito sa taong malapit at mahalaga sa iyo. Gaano kahirap nga ba kung ang isang Kristiyano ay nag-iisa lamang na Kristiyano sa pamilya? Ang ganitong uri ng pagsubok ay nagaganap, at para sa isang Kristiyano na hindi pa nakatagpo ng ganito sa ano mang anyo, nagpapahiwatig ito na may malaking kamalian sa kanyang pagiging Kristiyano.

...Dito, kung gayon, dumadanas ng napakaraming mga pagsubok ang mga Kristiyanong ito. Ang salitang ginamit ay malawak. Ibig sabihin saklaw nito ang ano mang bagay sa buhay na nagbibigay ng kaguluhan, ano mang bagay na bumabagabag sa pinakasensitibo at mahinang bahagi ng iyong pagkatao, ng iyong puso, ng iyong isipan, mga bagay na nagdudulot ng pighati sa iyo. Paano hinaharap ng alagad ang ganitong sitwasyon? Isa itong kawili-wili, at ito ang dapat na ginagawa natin kung nais nating mapanatili ang dalawang aspetong ito ng ating buhay Kristiyano. Kung nais nating patuloy na magalak sa gitna ng mga bagay na nagbibigay pighati sa atin, dapat nating harapin ang lahat ng ito sa paraang itinuro sa atin ng alagad.

Hanapin ang Dahilan

Ano ang kanyang katuruan? Ang unang bagay na ginawa niya ay ang ilatag ang dakilang prinsipyo na dapat nating maunawaan kung bakit nangyayari ang mga bagay na ito sa atin. Ang panganib ay kapag hinayaan natin ang mga bagay na mangyari sa atin at batahin ang mga ito nang wala man lang sinasabi maliban sa pagungol, o pagreklamo. Ang dapat na gawin ay ang tuklasin, kung kaya natin, kung bakit nangyayari ang mga bagay na ito.

Pilitin nating tuklasin ang paliwanag. Sa ganitong bagay, gumamit ang alagad ng mga sumusunod na salita. "Kung saan," sinasabi niya, "magalak kayo ng husto, kahit ngayon lang na panahon, kung kinakailangan..." "Kung kinakailangan!" A, iyan ang sekreto. Ano ang ibig niyang sabihin sa mga salitang iyon. Walang pag-aalinlangan sa sagot na ito. Isa itong kundisyonal na pahayag, na maaari mong isalin kung nais mo: "bagama't sa isang panahon lamangkung ito'y makakatulong." Hindi lamang ito pangkalahatang pahayag kung saan sinasabing sa mundong ito ang mga ganitong bagay ay nangyayari. Mas malakas pa dyan.

...Ang pahayag niya ay isang positibong pahayag. Sinasabi niyang: "Ngayong panahon na ito ay binabata mo ang pighating ito sapagka't ito ay makabubuti sa iyo."

Ito, kung gayon, ang ating prinsipyo. Mayroon tiyak na layuning ang lahat ng ito. Hindi ito aksidenteng nagaganap. Hindi ito isang bagay na nagaganap dahil lang sa nangyayari ito bilang bahagi ng buong organisasyon ng buhay. Kabilang nga ito sa mga pangyayari sa buhay, nguni't hindi ito ang pangunahing dahilan. Ang mga bagay na ito ay nangyayari, ayon sa alagad, sapagka't makabubuti sa atin, dahil bahagi sila ng ating displina sa buhay at sa mundong ito, sapagka't itinakda ito ng Diyos.

Kailangan nating tingnan ang ating buhay Kristiyano sa ganitong pananaw. Lumalakad tayo sa sanlibutang ito sa ilalim ng pagbabantay ng ating Makalangit na Ama. Ito ang pangunahing bagay. Kailangang isipin ng Kristiyano na nasa loob siya ng isang kakaibang relasyon sa Diyos. Hindi ito nararanasan ng ibang tao na hindi Kristiyano.

May tiyak na plano at layunin para sa buong buhay ko, tinitingnan ako ng Diyos; inampon ako ng Diyos at inilagay Niya ako

kabilang ng Kanyang pamilya. Para saan? Upang madala Niya ako sa antas ng pagiging perpekto. Iyan ang Kanyang layunin—"ay itinalaga naman niya na maging katulad ng larawan ng kaniyang Anak" (basahin sa Rom 8:29). Iyan ang Kanyang ginagawa. Nagdadala ng maraming anak ng Diyos ang Panginoong HesuKristo, na nagsasabing: "Narito, ako at ang mga anak na ibinigay ng Panginoon sa akin" (Isa 8:18). Kapag hindi natin sinimulan ng pangunahing pagkaunawa sa ating mga sarili bilang mga Kristiyano, madali tayong maliligaw, at malamang na hindi natin maunawaan ang mga bagay na ito.

Ang doktrina ng Banal na Kasulatan ay hinahayaan ng Diyos na mangyari ang mga bagay na ito sa atin. Higit pa dito, may mga bagay na iniutos ang Diyos na mangyayari ang mga bagay na ito sa atin para sa ating kabutihan. Kung minsan ginagawa Niya ito sa atin upang tayo ay iwasto. Iwinawasto niya tayo dahil sa ating kapabayaan at sa ating kabiguan.

Pinayuhan ni Pedro ang mga Kristiyano na disiplinahin ang kanilang mga sarili, na dagdagan at palaguin ang kanilang pananampalataya, hindi lamang maging kuntento sa kung ano ang mayroon bagkus magkaroon sila ng ganap na pananampalataya. Maaaring hindi tayo makikinig sa nasabing payo. Maaaring manatili tayo sa pagiging mapagpabaya at sa ating katamaran. Sa aking pagkakaunawa sa doktrina ng Bagong Tipan, hindi tayo dapat magulat kapag ginawa natin iyan at simulan tayong kastiguhin ng Diyos. Ang argumento sa Hebreo sa kabanata 12 ay kasinlakas nito: "Sapagka't pinarurusahan ng Panginoon ang kaniyang iniibig..." (v. 6)

...Mayroong makatotohanan sa Kristiyanismo; at ito ang nagtuturo na ang Diyos, para sa ating kabutihan, ay sinasaway tayo kapag hindi tayo nakinig sa mga pagpapayo at mga apila ng Banal na Kasulatan. May ibang kaparaanan din ang Diyos. Hindi Niya ginagawa ang mga bagay na ito sa mga taong hindi kabilang sa pamilya, ngunit kapag sila ay Kanyang mga anak, sasawayin Niya sila para sa kanilang *kabutihan. Kung kaya't maaaring makaranas* tayo ng maraming pagsubok bilang bahagi ng pagsaway at pagtatama ng Diyos sa atin. Hindi ko sinasabing di ito maiiwasan; sinasabi kong maaari ito.

Nguni't kung minsan ginagawa ito ng Diyos sa atin upang ihanda tayo para sa mga darating. Ito ang batas ng Banal na Kasulatan, at isang batas na kinumpirma at nagpakitang-halimbawa ng mahabang kasaysayan ng iglesya at ng kanyang mga banal, na kapag nagbigay ang Diyos ng mahalagang gawain para gampanan ng tao, karaniwang sinusubok Niya ito. Hindi mahalaga sa akin kung kaninong talambuhay ang babasahin mo. Maaari mong basahin ang buhay ng kahit na sinong tao na ginamit ng Diyos, at makikita mong ang taong ito ay dumaan sa matinding panahon ng pagsubok at paghihirap. Para bagang hindi gagamitin ng Diyos ang taong iyon kung hindi Siya nakasisiguro sa kanya. Kaya't maaaring kinailangang pagdaanan ng taong iyon ang ganitong karanasan dahil sa mga dakilang gawain sa hinaharap.

Tingnan mo si Jose at ang mga bagay na nangyari sa kanya. May naiisip ka pang mas malungkot na buhay kaysa sa kanya? Ang lahat ay tila laban sa kanya. Ang kaniyang sariling mga kapatid ay naninibugho sa kanya at pinaalis siya. Dinala siya sa Ehipto at doon kinalaban din siya ng mga tao. Wala siyang ginawang mali nguni't dahil sa kung sino at ano siya, ang mga bagay ay sumalungat sa kanya. Nguni't sa lahat ng ito, inihahanda lamang pala siya ng Diyos para sa dakilang posisyon na inilaan Niya para kay Jose.

At totoo ito sa lahat ng mga dakilang lalaki sa Bibliya. Tingnan mo ang pagdurusa ng isang taong katulad ni David. Tingnan mo ang sino man sa kanila at makikita mong ang kanilang mga buhay ay puno ng mga pagsubok at kahirapan. Hindi rin ligtas maging si Apostol Pablo. Tingnan mo ang listahan ng kanyang mga pagdurusa at pagsubok sa Ikalawang Sulat sa Mga Taga-Corinto, sa kabanata 11 at 12. Ganyan lagi ang mga pangyayari.

Tila mula din sa mga aral ng Banal na Kasulatan at sa mga buhay ng mga banal, na kung minsan sa ganitong paraan inihahanda ng Diyos ang tao para sa dakilang pagsubok. Inihahanda Niya ang taong ito para sa mga matitinding pagsubok sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanya sa simula ng mga magagaang na pagsubok. Dito ko nakikita ang nagniningning sa kadakilaan na pag-ibig ng Diyos. May mga matitinding pagsubok na dumarating sa buhay, at isang napakahirap na bagay para sa mga tao kung bigla na lang silang masasadlak sa isang matinding pagsubok mula sa payapa at panatag nilang pamumuhay. Kaya't kung minsan, dahil na rin sa kabaitan at pag-ibig ng Diyos, nagpapadala Siya ng mga madadaling pagsubok upang ihanda tayo para sa mga matitindi. "Kung kinakailangan"— kung ito'y makatutulong, kapag tiningnan tayo ng Diyos bilang ating Ama at nakita Niyang ito ang kailangan natin sa ganoong panahon.

Kaya't nagsisimula tayo sa ganitong dakilang prinsipyo, na nagsasabing nakikita at alam ng Diyos kung ano ang mabuti para sa atin at kung ano ang kinakailangan. Hindi natin nakikita, ngunit palaging nakikita ng Diyos, at bilang ating Ama sa Langit, nakikita Niya ang pangangailangan at Siya ang nag-aatas ng angkop na pagsubok na nakatalaga para sa ating ikabubuti.

Ang Mahalagang Katangian ng Pananampalataya

Nguni't tingnan natin ang ikalawang prinsipyo, ang mahalagang katangian ng pananampalataya. Sinabi ni Pedro sa ikapitong talata na ang mga bagay na ito ay nangyari—ang sari-saring mga pagsubok—"upang ang pagsubok sa inyong pananampalataya na lalong mahalaga kaysa ginto na nasisira bagama't ito'y sinusubok sa pamamagitan ng apoy, ay masumpungan sa ikapupuri at ikaluluwalhati at ikararangal sa pagpapakahayag ni Hesukristo:" Gaano ba kahalaga ito—ang mamahaling katangian ng pananampalataya.

Ipinakita niya ito sa pamamagitan ng paghahambing nito sa ginto. Tila sinasabi niyang, tingnan mo ang ginto, mamahalin ang ginto ngunit hindi kasing mahal ng pananampalataya...Nawawala ang ginto, hindi ang pananampalataya. Ang pananampalataya ay bagay na panghabang panahon at walang katapusan. Ang paraan mo ng pamumuhay, ang sabi ng alagad, ang siyang dahilan ng iyong pagkakaroon ng Kristiyanong pamumuhay. Nandito ka sa isang posisyon ng pananampalataya at hindi mo napagtatanto, ang patuloy niya, kung gaanong kahanga-hanga at kamangha-mangha ang bagay na ito. Lumalakad tayo sa pananampalataya, ang buong buhay natin ay isang usapin ng pananampalataya, at nakita mo, sabi ng alagad, mahalaga ito sa paningin ng Diyos, isa itong kahanga-hanga, isang kamangha-mangha na nais ng Diyos na ito'y maging lubos na wagas. Nililinis mo ang iyong ginto sa pamamagitan ng apoy. Inaalis mo ang bakal at ang lahat ng karumihan sa pamamagitan ng paglagay ng ginto sa tunawan ng metal at painitin ito, at dito may mga bagay na kailangan nang itapon at tanging ang mga ginto ang matitira. Ang kanyang argumento, kung gayon, ay ganito: kung ginagawa mo ito sa ginto na nawawala, gaano pa kaya ito kailangan sa pananampalataya.

Ang pananampalataya ang hindi pangkaraniwang prinsipyo na nag-uugnay sa tao at sa Diyos. Ang pananampalataya ang nagpapanatili sa tao upang huwag mahulog sa impiyerno bagkus magdadala sa kanya sa langit. Ito ang koneksyon ng mundong ito sa darating na sanlibutan. Ang pananampalataya ang mahiwaga at kahanga-hangang bagay na bumuhay sa tao mula sa kanyang mga kasalanan at binago siya bilang isang bagong tao kay Kristo Hesus. Kaya ito ay lubhang mahalaga. Napakamamahalin nito na nais ng Diyos na ito'y maging perpekto. Ito ang pangangatwiran ng alagad. Kaya't ikaw ay nakararanas ng sari-saring mga tukso dahil sa katangian ng pananampalataya.

Nguni't hayaan mong ipaliwanag ko ito sa iba pang anyo. Ang ating pananampalataya ay kailangang maging perpekto. Mayroon kung gayong mga antas ng pananampalataya. May pagkakaiba sa kalidad ng pananampalataya. Maraming panig ang pananampalataya. Sa simula ay mayroong sapat na kalagayan ng paghahalo-halo ng tinatawag natin na pananampalataya; mayroong malaking bahagi ng laman na hindi natin namamalayan. At habang natututuhan natin ang mga bagay na ito, at habang nagpapatuloy tayo sa proseso, inilalagay tayo ng Diyos sa mga panahon ng pagsubok. Sinusubok Niya tayo sa pamamagitan ng mga paghihirap na parang nasa apoy upang ang mga bagay na hindi taglay ang katangian ng pananampalataya ay malulusaw.

Maaaring isipin natin na ang pananampalataya ay perpekto at kaya nating harapin ang ano mang bagay. Nguni't biglang darating ang isang pagsubok at matutuklasan nating tayo'y bigo. Bakit? Iyan ang palatandaan na ang elemento ng pagtitiwala sa ating pananampalataya ay dapat pang palaguin, at pinapalago ng Diyos ang elemento ng pagtitiwala sa ating pananampalataya sa pamamagitan ng pagsubok sa atin sa ganitong paraan.

Kapag mas maraming karanasan sa mga bagay na ito, mas natututo tayong magtiwala sa Diyos. Karaniwan at natural sa atin na magtiwala sa Kanya kapag Siya'y nakangiti sa atin, nguni't darating ang araw na ang mga ulap ay magdidilim sa langit at magsisimula tayong mag-isip kung mahal ba talaga tayo ng Diyos at kung ang ating buhay Kristiyano nga ba ay katulad ng inaasahan natin. A, ang ating pananampalataya ay hindi pa lubusang malago sa elemento ng pagtitiwala, kaya't gayon ang pakikitungo sa atin ng Diyos sa buhay na ito upang matuto tayong magtiwala sa Kanya sa kadiliman kapag wala tayong liwanag na nakikita, at upang dalhin Niya tayo sa lugar kung saan nakatitiyak tayo at masabi na:

"Kapag ang lahat ng bagay ay tila laban sa atin,
Upang itulak tayo sa kawalan ng pag-asa,
Alam nating ang isang tarangkahan ay bukas
Isang tenga ang nakakarinig sa ating panalangin."

Iyan ang tunay na pananampalataya; iyan ang tunay na pagtitiwala. Tingnan mo si Abraham. Gayon na lamang ang pakikitungo sa kanya ng Diyos na kaya niyang "magkaroon ng pag-asa laban sa pag-asa." Lubos ang pagtitiwala niya sa Diyos kahit pa ang lahat ay tila salungat. At ito ang dapat na mapalago sa atin. Hindi tayo nagsimulang ganyan na, nguni't habang dinaranas natin ang mga ganitong karanasan matutuklasan natin na "sa likod ng nakasimangot na kalinga itinatago Niya ang mukha ng Ama," at sa susunod na dumating ang mga pagsubok, mananatili tayong payapa at panatag. Maaari nating sabihin: "Oo, alam ko, hindi ko nakikita ang araw nguni't alam kong nariyan lang ito. Alam kong sa likod ng mga ulap, nakatunghay sa akin ang mukha ng Diyos. Sa pamamagitan ng ganitong mga pagsubok napapaunlad ang elemento ng pagtitiwala.

Matiyagang Pagtitiis

Parehong-pareho sa elemento ng pagtitiis o matiyagang pagtitiis, ang sapat na kakayahan upang magpatuloy at manatili sa kabila ng panghihina ng loob. Iyan ang pinakamahirap na pagsubok na pagdaraanan ng isang Kristiyano. Hindi tayo likas na matiisin o matiyaga. Nagsimula tayo bilang mga bata sa pamumuhay-Kristiyano at gusto nating matanggap nang sabay-sabay ang lahat ng bagay, at kapag hindi dumating, hindi tayo makatiis at nagmamaktol tayo. Umaangal tayo at nagtatampo na parang mga bata. Ito ay dahil sa kakulangan sa pasensya at matiyagang pagtitiis.

Wala nang higit na binibigyang diin ang mga Sulat sa Bagong Tipan kundi ang kalidad na ito ng pagpapatuloy, maging maayos man o hindi ang mga bagay-bagay. Kailangan patuloy nating sabihin: 'Alam ng Diyos kung ano ang makababuti sa akin at magtitiwala ako sa Diyos." Bagaman ako'y patayin niya, akin ding hihintayin siya..." (Job 13:15). Iyan ang matiyagang pagtitiis, nagpapatuloy, at habang tayo'y sinusubok ang lahat ng mga elemento na siyang dumadaloy upang magkaloob sa atin ng ating pananampalataya ay napapalago at nagiging perpekto.

Hayaan mong ilagay ko ito sa pinaka pinal at pangkalahatang prinsipyo sa ganitong anyo. Ang mga pagsubok na ito ay kinakailangan, sabi ni Pedro, upang maipakita ang katotohanan ng ating pananampalataya. Ang tunay niyang sinabi ay— "upang ang pagsubok ng iyong pananampalataya." Ang salitang "pagsubok" kung gayon ay "pagpapatunay nito." Ang larawan sa kanyang isipan ay isang pagsusulit na isinasabuhay, at pagkatapos na ito ay masubok, nagiging isa itong katibayan. Halimbawa, ang ulat sa singsing ay, "Oo, 18 karat na ginto." Iyan ang ibig kong tukuyin sa pamamagitan ng pagsubok. Hindi Siya interesado sa mga ganoong proseso; ang pagsubok ang katibayan na nagpapatunay, nagpapahayag ng katotohanan ng ating pananampalataya. Ang pinagtibay na katangian ng ating pananampalataya ay naihahayag. Kung kaya't ang mga bagay na ito ay nangyayari sa atin.

Totoong ito ay tunay na malinaw. Kung paano natin natitiis ang mga pagsubok ang siyang nagpapatibay ng ating pananampalataya. Naalala mo kung paanong ang ating Panginoon, sa talinghaga ng maghahasik, ay naglarawan sa binhing nahulog sa mga tinik. Tila may mabungang ani na darating ngunit hindi dumating sapagkat may ibang mga bagay na sumakal sa Salita. Ipinaliwanag ng ating Panginoon na ito ay maihahambing sa paraan kung saan dumarating ang mga pagsubok at dinudurog at sinasakal ang Salita kaya't hindi ito nagbubunga. Sa una tila maganda ang kalalabasan nguni't hindi ito nagtatagal. Pinatutunayan ng mga pagsubok na isa lamang itong hindi tunay na pananampalataya. Wala ng hihigit pa sa pagpapatunay sa katotohanan ng pananampalataya ng isang tao maliban sa kanyang pagtitiyaga at sa kanyang matiyagang pagtitiis, ang kanyang pananatili sa kabila ng lahat. Iyan ang ipinangangaral ng ating Panginoon, at ito ang buong katuruan ng Bagong Tipan.

Wala nang hihigit pa sa kagandahan ng buhay ng mga dakilang banal na katulad niyan, kung paano sila tumayo katulad ng mga bato habang ang iba sa kanilang paligid ay mga nahulog. Ito ang dakilang kuwento ng mga Martir at ng mga dakilang Mangungumpisal. Dumanas sila ng mga pagsubok, subali't tumayo sila sa kung ano ang kanilang nalalaman mula sa katotohanan sa Salita ng Diyos nang hindi iniisip kung ano ang kanilang kahihinatnan, at pinanghawakan lamang nila ang kanilang pananampalataya na nagniningning sa kaluwalhatian.

Ngayon ang mga bagay na ito ay nangyayari sa iyo, sabi ni Pedro, upang ang pagiging totoo ng iyong pananampalataya ay sapat na maihahayag sa lahat. Hindi katanggap-tanggap ang mga Kristiyanong tumatalikod. Yaong mga nagsimula nang maayos ngunit hindi nagpatuloy ay kahihiyan sa pananampalataya. Ang bagay na nagpapakita ng kaibahan sa pagitan ng huwad at ng tunay ay ang kakayahang tumayo sa harap ng pagsubok. "Hindi lahat ng kumikinang ay ginto." Paano mo ito patutunayan? Lagyan mo ng apoy sa ilalim. Makikita mo na ang latak ay masusunog samantalang mananatili ang ginto, at ito ay mas magiging puro kaysa sa dati. Ang mga bagay na ito ay nangyayari sa atin upang mahayag ang pagiging totoo ng ating pananampalataya. Ito kung gayon ang pinakamahalagang bagay.

"Para sa Isang Kapanahunan"

Hayaan ninyong may idagdag ako sa sinabi ni Pedro para sa kalakasan ng ating kalooban. Ano ang konsolasyon? Ito ay ang bagama't nangyayari ang mga bagay na ito sa atin, subali't nangyayari lamang sa "sandaling panahon." "Na ito ang inyong totoong ikinagagalak, bagama't ngayo'y sa sandaling panahon, kung kailangan." Huwag mong ipalagay na dahil itinuturo ko na itong estado ng pagsubok, ito ay isang walang hanggang kalagayan ng Kristiyano. Hindi ganoon. Ang mga bagay na ito ay dumarating at nawawala din ayon sa kung iyon ay tinitingnan ng Diyos na nararapat. Hindi tayo susubukin at susuriin maliban kung ito ay para sa ating sariling kabutihan at habang tayo ay tumutugon sa katuruan. Babawiin ng Diyos ang pagsubok. Hindi Niya tayo hahayaang mapasailalim ng pirmihan sa pagsubok. Katulad nga ng sinabi ni Whitefield, salit salit lang ito, at may katiyakan ang alam ng Diyos kung paano ito ipadadala sa iyo at kung kailan.

At makasisiguro tayo katulad ni Apostol Pablo, na: "Hindi dumating sa inyo ang anomang tukso kundi yaong matitiis ng tao: datapuwa't tapat ang Dios, na hindi niya itutulot na kayo'y tuksuhin ng higit sa inyong makakaya; kundi kalakip din ng tukso ay gagawin naman ang paraan ng pag-ilag, upang ito'y inyong matiis" (1 Corinto 10:13).

Siya ang iyong mapagmahal na Ama. Alam Niya kung hanggan saan lang ang kaya mo. Hindi Siya magpapadala o magbibigay sa iyo ng higit sa iyong makakayanan. Alam Niya ang laki o bigat, at ibibigay Niya ang tamang dami, at kapag tumugon ka na, babawiin Niya ito. Ito'y sa "sandaling panahon lamang." Ang mga salitang bang ito ay dumarating sa mga nalulungkot, nabibigatang Kristiyano? Ang lahat ba ay tila maitim at madilim? Wala ka bang kalayaan na mayroon ka katulad ng

...Pagharap sa mga Pagsubok...

(pagpapatuloy sa pahina 2)

dati sa panalangin? Halos nawawala na ba ang pananampalatayang dati ay mayroon ka?

Huwag kang mabagabag. Nasa kamay ka ng iyong Ama. Maaaring may darating na dakilang panahon para sa iyo. Maaaring may darating na hindi karaniwang pagpapala para sa iyo. Maaaring may dakilang gawain na ipagagawa Niya sa iyo. Huwag kang malungkot. Ito ay sa "sandaling panahon lamang." Nasa kamay ka ng iyong mapagmahal na Ama, kaya't magtiwala ka sa Kanya at magpatuloy. Magpatuloy ka at sabihin mong, "Kuntento lamang ako sa Iyong mga kamay." Tanging ang pagsunod lamang sa kalooban mo, ang magiging kalooban ko."

Labis na Magalak

Ang ikalawang bagay ay ito. Habang dinaranas ang ganitong kabigatan, paalalahanan mo ang iyong sarili sa mga bagay "kung saan labis ang iyong kagalakan." Iyan ang bagay na dapat nating gawin. Ang kaguluhan lamang ay kapag dumating ang mga pagsubok na ito, kadalasan ang nakikita lamang natin ay ang mga pagsubok, o wala nang iba kundi ang mga ulap. Sa mga ganitong panahon, balikan mo lang ang ikatlong talata sa kabanatang ito. Kung wala ka ni ano man na makita, buksan mo lang ang Banal na Kasulatan at simulan mo itong basahin. Bagama't wala kang makita sa sandaling ito kundi kadiliman, basahin mo ito at sabihing: 'Purihin nawa ang Dios at Ama ng ating Panginoong Hesukristo.' Alam kong ito ay totoo. 'Na ayon sa kaniyang malaking awa ay ipinanganak na muli tayo sa isang buhay na pag-asa sa pamamagitan ng pagkabuhay na maguli ni Jesucristo sa mga patay, Sa isang manang di nasisira, at walang dungis, at hindi kumukupas, na inilaan sa langit para sa inyo, Na sa kapangyarihan ng Dios ay iniingatan sa pamamagitan ng pananampalataya sa ikaliligtas na nahanda upang ihayag sa huling panahon" (1 Pedro 1:3-5).

Paalalahanan mo ang iyong sarili at sabihing: "Oo ang mga bagay na ito ay nangyayari, ang mga pagsubok na ito ay dumarating sa akin ng sabay-sabay at mabilis. Dumarating ang mga ito mula sa iba't ibang direksyon, nguni't hindi ako magpapagupo at magsasabing, 'alas, naku." Bagkus tatayo ako at magsasabing: "Alam kong mabuti ang Diyos; alam kong namatay para sa akin si Kristo; alam kong pag-aari ako ng Diyos; alam kong ang aking mana ay nasa langit. Hindi ko ito nakikita ngayon nguni't alam kong naririyan ito. Alam kong pinangangalagaan ito ng Diyos at walang sino man ang makakakuha nito mula sa Kanyang makapangyarihang kamay." Sabihin mo iyan sa sarili mo. Paalalahanan mo ang iyong sarili ng mga bagay na labis mong ikinagalak, bagama't sa sandaling panahon ngayon kung kinakailangan ay nasa gitna ka ng sari-saring mga tukso.

Papuri, Karangalan at Kaluwalhatian

Magpatuloy ka at sabihin ang pinakamatinding pangungusap na ito—"Upang ang pagsubok sa inyong pananampalataya na lalong mahalaga kay sa ginto na nasisira bagama't ito'y sinusubok sa pamamagitan ng apoy, ay masumpungan sa ikapupuri at ikaluluwalhati at ikararangal sa pagpapakahayag ni Hesukristo." Darating ito. Hindi ko alam kung kailan, nguni't alam kong ito ay darating—'ang araw ni Hesukristo'—at naroroon ako. Alam ko kung gayon na ang lahat ng nangyayari sa akin sa buhay at sa sanlibutang ito ang siyang pinakahangad Niya. Magiging isang 'dakilang araw' ito.

Kapag dumating ang dakilang araw na ito, maihahayag ang pagiging totoo ng iyong pananampalataya. Magkakaroon ng papuri at karangalan at kaluwalhatian. Ang iyong maliit na pananampalataya na inakala mong napakaliit, ay maihahayag na pambihira. Nagtagumpay ito sa pagsubok at maglilingkod ito sa "kapurihan at karangalan at kaginhawaan."

Kaninong karangalan at papuri at kaluwalhatian? Una sa lahat ay sa Kanya. Sinabi ng Panginoong Hesukristo: "Narito ako kasama ng mga anak na ipinagkaloob mo sa akin." Tatayo siya sa dakilang araw na iyon at titingin nang may damdamin ng kasiyahan sa mga Kristiyano at sa mga tinawag Niya. Nalampasan nila ang matinding kapighatian, ngunit nagtagumpay sila. Hindi sila pinanghinaan ng loob. Titingnan Niya sila at ipagmamalaki Niya. Sila ang magbibigay ng kaluwalhatian at kapurihan at karangalan sa Kanya sa dakilang araw ng Kanyang pagdating.

Nguni't ito'y para din sa ating karangalan at kaluwalhatian at kapurihan, sa iyo at sa akin. Magiging kabahagi tayo ng kaluwalhatian, at maririnig natin Siyang papupurihan tayo at sasabihing: "...Mabuting gawa, mabuti at tapat na alipin... pumasok ka sa kagalakan ng iyong Panginoon" (Mateo 25:21). Dadamitan Niya tayo ng Kanyang sariling kaluwalhatian at gugugulin natin ang ating walang hanggan na kasama Niya: at kapag mas matindi at mas makatotohanan ang ating pananampalataya, mas matindi din ang ating magiging kaluwalhatian.

Maaaring sa kasalukuyan ay mayroon tayong kabigatan dahil sa maraming tukso at pagsubok, at maaaring umiiyak pa tayo habang dinaranas ito. Hindi ito mahalaga. May pangako sa atin na darating ang araw na "Sapagka't ang Cordero na nasa gitna ng luklukan ... at sila'y papatnugutan sa mga bukal ng tubig ng buhay" at ang Diyos mismo ang "papahid ng luha sa ating mga mata," at makakasama natin Siya sa kaluwalhatian magpasawalang hanggan (Pahayag 7:17).

Iyan ang Kristiyanong paraan ng pagharap sa mga pagsubok. Salamat sa Diyos at nasa kamay Niya tayo. Paraan iyon ng pagligtas niya at hindi natin. Magpasakop tayo sa Diyos, maging kuntento tayo na nasa kamay Niya tayo, at sabihin natin sa Kanya: "Ipadala mo ang sino mang kalooban mo, ang tanging alalahanin ko lang ay kung magiging kasiya-siya ba kami sa Kanyang paningin."

-D. Martyn Lloyd-Jones

Kinikilala ng Malakas na Pananampalataya na Di Magkukulang ang Diyos

Ni Charles H. Spurgeon

"...Ako ang Diyos na Makapangyarihan sa lahat ..." (Genesis 17:1). Ang tunay na lakas ng loob ay nakasandal lamang sa Diyos na nagpahayag na Siya ang Makapangyarihang Diyos, o ang Diyos na di nagkukulang sa lahat ng bagay. Ang tunay na pananampalataya ay nakaasa lamang sa Diyos, katulad ng barko na nakaasa sa layag; kinikilala ng matibay na pananampalataya ang pagiging sapat ng Diyos sa lahat; ang nakatagong mana na nagpapakain at nagpapalakas. Sapat ang kapangyarihan ng Panginoon upang tuparin ang Kanyang mga layunin; Sapat ang Kanyang karunungan upang makita ang Kanyang sariling daan sa gitna ng mga kahirapan na sa tingin natin ay katulad ng isang palaisipan, nguni't sa Kanya ay napakasimple. At sapat ang Kanyang pag-ibig upang hindi Niya tayo mabigo dahil sa kawalan ng awa sa Kanyang puso o habag sa Kanyang dibdib. Ang Diyos ay Diyos na Sapat sa lahat, di nagkukulang! Simple man ang katotohanang ipinapahayag namin at iyong naririnig, ito ay malalim, mahirap arukin ang misteryo; at kung sana ay naunawaan natin ang katotohanan nito at manahan tayo doon, may kamangha-mangha sanang epekto ito sa ating buong pag-uugali.

Ang salitang ito ay maaaring may pakinabang sa mga taong nanginginig dahil sa dinaranas na pansamantalang pagsubok at pagdurusa. Natatakot sila sa ano mang maaaring mangyari; kinakabahan sila sa kung ano man ang maaaring dumating. Kung minsan nasa harap natin ang isang nakakatakot na pangitain—alam natin na ang mga pagsubok ay darating, at natatakot tayo dito—at kahit may pangako sa atin, "Kaniyang ililigtas ka sa anim na kabagaban. Oo, sa pito, ay walang kasamaang kikilos sa iyo," ngunit nakatayo pa rin tayong nanginginig (basahin sa Job 5:19). "Ako ang Diyos na di nagkukulang;" hindi ba iyan ang magpapalakas ng loob mo, at makakaya mong magpatuloy, maging sa gitna ng lambak na kasing dilim ng anino ng kamatayan? Bakit, ano ang kinatatakutan mo, O anak ng Diyos? Walang ano mang kakulangan na hindi Niya kayang punan; walang kalaban na hindi Niya kayang talunin!

Nasa Loob na Pagdurusa

Ganito din ang nangyayari sa atin kapag tayo ay nakararanas ng espirituwal na depresyon. Ang pagdurusa sa loob ay kadalasan mas matindi kaysa sa pansamantalang mga pagsubok; alam na alam ito ng mga tao ng Diyos. Tumitingin tayo sa loob, at nakikita natin na napakahina sa atin ang banal na biyaya ng Diyos; ito'y sa ating palagay lamang. Ang ating katiwalaan at ang ating likas na kasamaan ang siyang malinaw nating nakikita, at naliligalig tayo sa ating nakikita: kapabayaan sa tungkulin, kawalan ng debosyon o pananalangin, nakalimutang mga pagkakataon upang maging kapaki-pakinabang ay dumarating at nagsasakdal sa atin; at mabilis tayong magduda kung talaga bang kilala natin ang Panginoon!

At maaaring sabay din na inaatake tayo ni satanas, at sandali niya tayo naaapakan.O, huwag na huwag tayong magduda sa Diyos, kahit na sa ganoong napakahirap na mga panahon sapagkat Siya ay nananatiling Sapat at di nagkukulang sa lahat. Kung ang ating kaligtasan ay nakabatay sa ating mga sarili, ilang sandali lang at wala na tayo; nguni't dahil sa ito ay nakasalalay sa braso, sa lakas na hindi nagagapi; nguni't dahil sa ito ay nakasalalay sa pusong hindi nagbabago at hindi humihinto sa pagtibok nang may makapangyarihang pag-ibig, bakit tayo panghihinaan ng loob? "Ako ang Diyos na Makapangyarihan," sabi ng Panginoon, "kaya't sabihin mo sa iyong kaaway, 'Huwag kang magalak sa akin, O aking kaaway: pagka ako'y nabuwal, ako'y babangon'" (basahin sa Mikas 7:8).

Mga Kaguluhan at Kabalisahan

At ipagpalagay na natin, minamahal, na sabay na nakaranas ka ng pansamantalang kaguluhan at espirituwal na kabalisahan? Itong pagtatagpo ng dalawang dagat ay sapat na sa isang marinero na isiping mawawasak ang barko, nguni't masdan mo, dumarating na naglalakad sa dagat ang iyong Diyos, nagsasabing, "Ako ang Diyos na hindi nagkukulang para sa iyo." Mayroon bang bagyo na hindi Siya ang gumawa? Kung gayon, hindi ba Niya kayang kontrolin ito? Mayroon bang isang espiritu na lumabas mula sa kailaliman ng impyerno na hindi Siya ang nagpakawala? Hindi ba Niya kayang sawatain ito ng isang tanikala at pigilan ang kanyang napakasamang kapangyarihan? Masdan mo, ang Diyos ay nakasakay sa pakpak ng hangin, at ang ulap ng bagyo ang Kanyang sasakyan! Huwag mong katakutan kung gayon ang dagundong ng gulong kung saan nakasakay ang iyong Ama sa Langit! Sa gitna ng bagyo, matayog Siyang naghahari! Huwag mong katakutan ang kadiliman na Kanyang kulandong o ang kidlat na isa lamang sulyap ng Kanyang mga mata; magtiwala ka sa Kanya sa lahat ng panahon, at huwag mong hayaang igupo ka ng takot o itulak ka sa walang paniniwala at puno ng bagabag na pagkilos na magpaparumi sa iyo, at magdadala ng kahihiyan sa kanyang pinagpalang pangalan!

Sa Kamatayan at sa Walang Hanggan

Subali't kung may mga palatandaan sa iyo ng nalalapit na paglisan; kung ang iyong katawang lupa, na iginugupo ng mahabang karamdaman, ay katulad ng isang bahay na malapit nang gumuho; ang Diyos, na di nagkukulang ay magiging sapat din doon sa naghihingalong higaan! Siya na Makapangyarihan sa buhay ay magiging Makapangyarihan sa kamatayan! Huwag kang matakot sa pagtahak sa mga lingid na daan, o sa nakakatakot na pagharap sa walang hanggang trono; ang Diyos ng biyaya

Laging Mabuti ang Lahat ng Gawa ni Hesus

Mula umpisa hanggang sa huli, mula sa ating duyan hanggang sa libingan, mula sa simula na naramdaman natin ang sakit sa paghatol ng kasalanan hanggang sa pinakahuling kilig na naramdaman natin dahil sa kapatawaran ng kasalanan, mula sa lupa hanggang sa langit, ito ang ating patotoo sa lahat ng mga paraan kung paano tayo pinangunahan ng Diyos patungo sa ilang—"Mabuti ang pagkakagawa niya sa lahat ng bagay" (Mark 7:37).

Sa kalooban at sa biyaya, sa bawat katotohanan ng Kanyang Salita, sa bawat aral ng Kanyang pag-ibig, sa bawat hagod ng Kanyang pamalo, sa bawat pagsikat ng liwanag, sa bawat ulap na nalambungan, sa bawat elemento na pinatamis, sa bawat sangkap na pinapait, sa lahat ng mga naging mahiwaga, mga hindi maintindihan, mga masasakit, at mga namamahiya; sa lahat ng Kanyang ibinigay, at sa lahat ng Kanyang kinuha, ang patotoong ito ay nararapat sa Kanya; at ito ang ating pagkilala na may pasasalamat sa lahat ng oras at magpakailanman. —"MABUTI ang pagkakagawa niya sa lahat ng bagay."

Nabago ba Niya tayo sa pamamagitan ng biyaya sa paraang naisip natin na hindi posible? Nawasak ba Niya nang lubusan ang lahat ng ating makalupang pag-asa? Nahadlangan ba Niya ang ating mga balakin, binigo ang ating mga plano, nasiphayo ang ating mga inaasam? Naturuan ba Niya tayo nang may pagpupunyagi sa mga eskwelahan, sa pamamagitan ng matinding disiplina, at mga aralin na nakapagpapakumbaba sa ating pagkatao? Pinanghina ba niya ang ating lakas sa pamamagitan ng sakit, ibinaba Niya ba tayo sa kahirapan sa pamamagitan ng kawalan, durugin ang ating puso sa pamamagitan ng pangungulila? At natukso ba tayo na sambitin, "Ang lahat ng bagay ay laban sa akin!" A, hindi! Ang pananampalataya ang magtataas, at matamis na aawit ng—

"Alam kong sa lahat ng bagay na magaganap,

Gagawing mabuti ng aking Hesus ang lahat."

Minamahal, ito ang nararapat, sapagkat hindi maaaring magkamali si Hesus. Pag-aralan mo at suriin nang husto ang Kanyang kalooban at biyaya, tingnan mo ang mga ito sa iba't ibang pananaw, suriin mo ang mga ito hanggang sa pinakamaliit na detalye katulad ng pagsusuri sa talulot ng isang bulaklak o pakpak ng isang insekto, at o, anong kamangha-mangha, anong kagandahan, anong kagila-gilalas na bagay ang makikita mo sa iba't ibang pakikitungo sa iyo ng iyong dakilang Panginoon!

At kapag dumaluyong ang sumunod na alon, at ang sumunod na ulap ay magdilim, at paikutan ka ng dilim ng sumunod na hiwaga, nawa'y maibulalas mo na, "Ano kayang bagong katotohanan ang itinuturo Niya ngayon? Ang bagong kadakilaan ang ipinapahayag Niya ngayon? Anong kamangha-manghang bagay ang ginagawa Niya ngayon upang pukawin ang paghanga ko, upang makuha ang aking tiwala, at lumalim ang aking pag-ibig?"

-Octavius Winslow

...Di Magkukulang ang Diyos ...

(pagpapatuloy sa pahina 4)

ay Sapat sa lahat para sa lahat ng hiwaga magpakailanman. Sapat Siya para sa mga kulog ng paghatol, sa sindak ng paghihiganti, at sa pangamba para sa impyerno. Huwag kang matakot sa pagbagsak ng mundo sapagka't isang salita Niya lang at ang lahat ay maglalaho! Ang ating Tagapagligtas na nabubuhay nang walang hanggan na kayang magligtas maging sa pinakasukdulan, ay Sapat upang tulungan ang iyong espiritu kapag ang lahat ng bagay na nilikha ay maglalaho, at ang mga elemento ay matutunaw sa masidhing init; walang nangingibabaw na takot sa taong nagtitiwala sa Makapangyarihang Diyos!

Ang Bato ng Ating Tiwala sa Sarili

O minamahal, ilagay mo ito bilang isang selyo sa iyong braso upang magpalakas sa iyo, at pagulungin mo ito sa puntod ng iyong mga agam-agam; at huwag mo nang hayaang bumangon pa muli. Kung nagtiwala ka sa isang mahinang tao, maaari kang magduda, nguni't ang sumandal sa Diyos, paano ka pa maliligalig? Kung umasa ka sa sangkatauhang nagbabago, kung inilagay mo ang iyong tiwala sa isang nilalang na maaaring magmahal ngayon at mamuhi bukas, talagang hindi ka magiging masaya! Ngunit ang Kanyang pag-ibig ay walang hanggan, at ang Kanyang kapangyarihan ay mananatili magpakailanman! Bakit kung gayon ikaw ay nalulungkot? Itinayo mo ang pag-asa ng iyong kaluluwa sa isang hindi matitinag na bato na di nagkukulang, at mapapatunayan mo ang katotohanan ng Inspiradong Katiyakan—"Sapagka't kaniyang inilagak ang kaniyang pag-ibig sa akin, kaya't iniligtas ko siya: aking ilalagay siya sa mataas, sapagka't kaniyang naalaman ang pangalan ko. Siya'y tatawag sa akin, at sasagutin ko siya; ako'y sasa kaniya sa kabagabagan: aking ililigtas siya, at pararangalan siya" (Awit 91:14-15).

Bakit malungkot ka, O aking kaluluwa? At bakit ka naliligalig? Umasa ka sa Diyos, at itigil na ang pagtitiwala sa tao na humihinga sa butas ng kanyang ilong. Kung magkagayon sisinag ang iyong liwanag katulad ng umaga, at ang hamog mula sa langit ang siyang magpapausbong at mamumulaklak ng kagalakan at kasayahan. Magalak ka sa Panginoon kayong mga matuwid, at sumigaw nang may kagalakan kayong mga matuwid sa puso, sapagka't sa iyo Siya nangusap at nagbigay nito para sa bato ng iyong tiwala sa sarili –"Ako ang Makapangyarihang Diyos."

Ang Pananampalataya Bilang Pagtitiwala

Ni Derek Prince

[Tala ng Patnugot: Sa orihinal na artikulo, sinulat ng may-akda na ang bunga ng pananampalataya ay maaaring tingnan mula sa dalawang aspeto na tumutugma sa dalawang magkaiba ngunit may kaugnayang gamit ng salitang Griyego na "pistis"—pagtitiwala at mapagkakatiwalaan. Ang sumusunod na babasahin ay nakatuon sa unang aspeto.]

"Datapuwa't ang bunga ng Espiritu ay pag-ibig, katuwaan, kapayapaan, pagpapahinuhod, kagandahang-loob, kabutihan, pagtatapat, kaamuan, pagpipigil; laban sa mga gayong bagay ay walang kautusan" (Gal. 5:22-23)

Ang unang aspeto ng pananampalataya ay ang bunga ng tiwala. Isinalin ng Bibliya ng mga Hudyo ang pistis bilang pagtitiwala. Maraming beses, binigyang-diin ni Hesus na isa sa mga kailangan para sa lahat nang papasok sa kaharian ng Diyos ay ang maging katulad ng mga maliliit na bata. (Basahin ang Mateo 18:1-4; 19:13-14; Marcus 10:13-16; Lucas 18:15-17). Tila wala ng hihigit sa natatanging katangian ng mga bata kundi pagtitiwala. Nguni't sa kabalintunaan, ang katangiang ito ay makikitang ganap sa mga may sapat na gulang na mga tao ng Diyos—mga taong katulad ni Abraham, Moses, David, at Pablo. Maaari kung gayon nating masabi na ang antas ng ating pagpapatatag sa pagtitiwala ay magandang batayan o sukatan ng ating espirituwal na paglago.

Mas lubos na ang bunga ng pananampalataya—dito sa aspeto ng pagtitiwala—ay maaaring mangahulugan ng isang tahimik, panatag, hindi nagbabagong pagtitiwala sa kabutihan, karunungan, at katapatan ng Diyos. Ano mang mga pagsubok o tila mga kapahamakan ang kaharapin, ang taong nagpalago nitong uri ng bunga ay mananatiling panatag at mapayapa sa gitna ng lahat ng mga ito. Mayroon siyang hindi natitinag na tiwala na ang Diyos pa rin ang may hawak ng bawat sitwasyon, at maging sa pagitan ng lahat ng mga pangyayari gumagawa ang Diyos para sa Kanyang sariling layunin ng pagpapala para sa bawat isa sa Kanyang mga anak.

Ang panlabas na pagpapahayag sa ganitong uri ng tiwala ay katatagan. Ito ay napakagandang nailarawan ni David sa Awit 125:1. "Silang nagsisitiwala sa Panginoon ay parang bundok ng Sion, na hindi maaaring makilos, kundi nananatili magpakailan man." Lahat ng bundok sa sanlibutan ay maaaring manginig, matinag at maalis—maliban sa isa. Hindi matitinag ang Zion. Pinili iyan ng Diyos upang maging lugar kung saan siya ay mananahan, at ito lamang ang mananatili habang panahon.

Ganito din ang isang mananampalataya na natutong magtiwala. Ang iba ay maaaring bumigay na sa takot at kaguluhan, ngunit nananatili siyang panatag at ligtas. "Ang kaniyang patibay ay nasa mga banal na bundok" (Awit 87:1)

Sa Awit 37:5, sinabi ni David, "Ihabilin mo ang iyong lakad sa Panginoon; magtiwala ka rin naman sa kaniya, at kaniyang kapangyayarihin." Sa literal na kahulugan, ang talatang ito ay nagsasabing, "Ginagawa Niya ito." Dalawang bagay ang kailangan dito. Ang unang bagay ay gawa, "magtalaga." Ang ikalawa ay pag-uugali, "magtiwala." Ang gawa ng pagtatalaga ay nagdadala sa isang pag-uugali ng pagtitiwala. Hangga't tayo ay nananatili sa pag-uugali ng pagtitiwala, tinitiyak sa atin ni David, "ginagawa ito" ng Diyos.

Ang pagtatalaga ng isang bagay sa Panginoon ay tulad ng pagkuha ng pera sa bangko at pagdeposito nito sa ating account. Kapag natanggap natin ang resibo ng ating deposito sa teller, hindi na tayo nag-aalala sa kaligtasan ng ating pera. Responsibilidad na ito ng bangko. Isang kabalintunaan kung saan ang mga tao ay walang kahirap hirap magtiwala sa bangko para pangalagaan ang kanilang pera gayong hirap na hirap silang magtiwala sa Diyos patungkol sa mga importanteng personal na bagay.

Ang halimbawa ng deposito sa bangko ay naglalarawan ng mahalagang kadahilanan sa pagpasok sa matagumpay na pagtatalaga. Paglabas natin ng bangko, dala na natin ang opisyal na resibo, nagpapakita ng petsa, lugar, at halaga ng ating deposito. May katiyakan dito. Sa parehong paraan, dapat din tayong maging tiyak patungkol sa mga bagay na itinatalaga natin sa Diyos. Kailangan nating malaman, nang walang pag-aalinlangan, ang ating itinalaga at kung kailan at saan natin ginawa ang pagtatalaga. Kailangan din natin ang opisyal na "resibo" ng Banal na Espiritu na kumikilala na tinanggap ng Diyos ang ating pagtatalaga.

Dapat Maalagaan ang Pagtitiwala

Ang pagtitiwala ay katulad ng lahat ng uri ng prutas: kailangan itong maalagaan at dumaan sa iba't ibang yugto ng paglago o pag-unlad bago nito marating ang ganap na antas. Ang mga salita ni David sa Awit 62 ay mahusay na naglalarawan ng paglago ng tiwala: "Siya lamang ang aking kanlungan at aking kaligtasan: siya ang aking matayog na moog; hindi ako lubhang matitinag" (vs. 2). Nguni't pagkatapos niyang magbigay ng parehong pahayag ng pagtitiwala sa Diyos, sinabi niyang, "hindi ako matitinag" (v. 6). Sa pagitan ng ikalawang talata at ika-anim, lumago ang antas ni David mula sa "lubhang matitinag" naging hindi na matitinag pa.

Kailangan nating maging tapat sa ating mga sarili katulad ng kay David. Bago pa maging ganap ang ating tiwala, ang pinakamainam lamang natin na masasabi ay, "Hindi ako lubhang matitinag!" Sa yugtong ito, ang mga kaguluhan at mga oposisyon ang titinag sa atin, nguni't hindi nila tayo mapapabagsak. Subali't kapag patuloy nating pinalago ang ating pagtitiwala, darating tayo sa antas kung saan masasabi nating, "Hindi ako matitinag"—tapos! Walang ano mang makakapagpatinag sa atin—wala ring makakapagpabagsak.

Ang ganitong tiwala ay nasa antas ng espiritu kaysa emosyon. Maaaring tumingin muli tayo sa personal na patotoo ni David para mailarawan. Sinabi niya sa Panginoon, "Sa panahong ako'y matakot, aking ilalagak ang aking tiwala sa iyo" (Awit 56:3). Dito nakita ni David ang dalawang magkasalungat na impluwensiya na kumikilos ng sabay sa kanya: tiwala at takot. Mababaw ang takot, nasa emosyon; mas malalim ang tiwala, nasa espiritu.

Ang ganap na tiwala ay katulad ng isang malalim, malakas na ilog, na hindi mapigilang dumadaloy patungo sa dagat. May mga panahon na ang hangin ng takot o pagdududa ay umiihip nang pasalungat sa daan ng ilog at lumilikha ng mga alon sa ibabaw. Ngunit ang hangin at mga alon na ito ay hindi makakapagpabago o makahahadlang sa malalim at tuloy-tuloy na pagdaloy ng tubig sa ilalim habang sinusundan nila ang natural na daan ng ilog patungo sa dagat.

Ang ganap na pagtitiwala ay napakagandang nailarawan sa mga salita ni Pablo sa Ikalawang Timoteo 1:12 – "Dahil dito'y nagtiis din ako ng mga bagay na ito: gayon ma'y hindi ako nahihiya; sapagka't nakikilala ko yaong aking sinampalatayanan, at lubos akong naniniwalang siya'y makapagiingat ng aking ipinagkatiwala sa kaniya hanggang sa araw na yaon."

-Halaw mula sa DPM Archive. Ginamit nang may pahintulot.

Manatili sa Ganap na Kapayapaan

Ni Dave Butts

"Iyong iingatan siya sa lubos na kapayapaan, na ang pag-iisip ay sumasa iyo: sapagka't siya'y nagtitiwala sa iyo" (Isaias 26:3).

Hindi ko alam kung ano ang kaisipan mo dito, nguni't tila ang kapayapaan ay parang imposible. Sa lahat ng mga nangyayari sa palibot ng mundo, hindi pa kabilang ang kalituhan ng ating mga isipan, nagtataka tayo kung paano nagawa ang ganyang pangako. Nakatutulong, siyempre, na ang Diyos mismo ang nagpahayag. Kaya't nagkaroon ng kakaibang linaw ang pangakong ito. Makatutulong din kapag naunawaan natin kung ano ang ibig sabihin ng ganap o lubos. Batay sa Bibliya, ang kaganapan o pagiging perpekto ay tumutukoy sa ganap na paglago o maturity. Ito ang katotohanan...Nais ng Diyos na mamuhay ka sa ganap na kapayapaan sa iyong buhay at handa Siyang magtalaga na panatilihin ka sa lugar ng kapayapaan.

"Mananatili ka sa ganap na kapayapaan..."

Ang Propetang si Isaias ay nagbigay-linaw kung paano ito nagaganap sa isang praktikal na paraan. Ang una at ang pinakamahalagang bahagi ay ang bahagi ng Diyos. Itinalaga ng Diyos na panatilihin tayo sa ganap na kapayapaan. Kung wala ang pagtatalagang ito, hindi ito magaganap. Isang regalo ng Diyos ang kapayapaan, hindi lamang isang bagay na pinagsumikapan natin. Inaalok ni Hesus ang kapayapaan bilang isang bagay na nanggaling sa Kanya.

"...na ang pag-iisip ay sumasa iyo..."

Ang pagtatalaga ng Diyos na panatilihin tayo sa ganap na kapayapaan ay kailangan din ng ating gawa. Kailangan nating panatilihin ang ating pag-iisip sa Diyos. Maaaring ang pinakamadaling paraan ng pagpapahayag nito ay mula sa kautusan ng Bagong Tipan na ituon ang ating mga isipan kay Kristo. Ano ang iniisip mo? Saan nananatili ang iyong isipan? Imposibleng magkaroon ng kaisipan na puno ng kapayapaan kung ang isipan natin ay malayo sa Panginoon. Pananatilihin Niya tayo sa ganap na kapayapaan kapag itinuon natin ang ating mga isipan sa Kanya na siyang pinagmumulan ng kapayapaan. Paulit-ulit, inuutusan tayong bantayan ang ating mga puso, na maging maingat sa ating mga iniisip. Nagmumula ang kapayapaan sa kaisipan na nakatuon sa Diyos.

"...sapagka't sila'y nagtitiwala sa Iyo"

Ayon kay Isaias, ang ikatlong bahagi ng paglakad sa ganap na kapayapaan ay nagmumula sa tiwala. Ito ang pagsasama-sama ng katangian ng Diyos at ng gawa ng tao. Pinapanatili nating nakatuon ang ating mga isipan sa Diyos dahil nagtitiwala tayo sa Kanya. Nguni't nagtitiwala tayo sa Kanya dahil ipinakita Niyang karapat dapat Siya sa lahat ng ating pagtitiwala. Siya ang magpakailanman na nananatiling tapat, nananatiling karapat dapat sa ating pagtitiwala. Dahil sa kung sino siya, nagtitiwala tayo sa Kanya. Nagdadala ito ng kapayapaan...

Panginoong Hesus, nagpapasalamat ako na hindi ka lamang Diyos ng kapayapaan, bagkus nais Mong ibigay ang kapayapaan na iyan sa akin. Totoong itinalaga mo ang Iyong sarili upang mapanatili ako sa kapayapaan. Tulungan mo akong gawin ang aking tungkulin. Tulungan mo ako sa pamamagitan ng Iyong Espiritu na manatiling ang isipan ay nakatuon sa Iyo at magtiwala sa Iyo sa lahat ng bagay.

Ngayon, magpasya kang ituon ang iyong pag-iisip at mga kaisipan kay Hesus, ang Tagapagbigay ng Kapayapaan. Paalalahanan mo ang iyong sarili kung paano Siyang naging katiwa-tiwala noong mga nakaraan sa pamamagitan ng pagbabalik-tanaw sa mga panahong gumawa Siya ng mga kagulat-gulat sa iyong buhay.

-Halaw sa PRAYER, PEACE and the PRESENCE of GOD ni David Butts. c2017 ni David Butts. Inilimbag ng PrayerShop Publishing. Ginamit nang may pahintulot. www.prayershop.org.

Kalayaan Mula sa Alalahanin

Hindi takot ang pananampalataya, kundi pananalig sa sarili at tiwala. Hindi pwedeng manahan sa parehong puso ang pananampalataya at takot. Sa bagyo, napagod si Hesus, nakatulog. "Guro, wala bagang anoman sa iyo na mapahamak tayo?" (Marcus 4:38). Pagkagising, pinakalma Niya ang bagyo, at sinuway ito, at nagwikang, "Bakit kayo natakot, O mga maliliit ang pananampalataya?" (Mateo 8:26; cf. Mark 4:40).

Ang pananampalataya ay hindi pagkabalisa. Ang pananampalataya ay kalayaan mula sa pagkabalisa. "Na inyong ilagak sa kaniya ang lahat ng inyong kabalisahan, sapagka't kayo'y ipinagmamalasakit niya" (1 Pedro 5:7). Ang pag-aalala ay isang kasalanan. Isang kawalan ng paniniwala ang pagkabalisa. Makilala nawa ang inyong kahinhinan ng lahat ng mga tao. Ang Panginoon ay malapit na. Huwag kayong mangabalisa sa anomang bagay; kundi sa lahat ng mga bagay sa pamamagitan ng panalangin at daing na may pagpapasalamat ay ipakilala ninyo ang inyong mga kahilingan sa Dios" (Filipos 4:6)

Bakit Ka Mag-aalala Kung Kaya mo namang Magdasal

Ipinagkakatiwala ng pananampalataya sa Diyos ang ano mang kalalabasan o kahihinatnan. Katulad ni Esther nang haharap siya sa hari...."Kapag ako ay namatay, mamamatay ako" (Ester 4:16).

Ang Pananampalataya, at ang Kapangyarihan ng Pagtitiis

Ni Andrew Murray

"Tinanggap ng mga babae ang kanilang mga patay sa pamamagitan ng pagkabuhay na mag-uli: at ang iba'y nangamatay sa hampas, na hindi tinanggap ang kanilang katubusan; upang kamtin nila ang lalong mabuting pagkabuhay na mag-uli: At ang iba'y nangagkaroon ng pagsubok sa pagkalibak at pagkahampas, oo, bukod dito'y sa mga tanikala at bilangguan naman: Sila'y pinagbabato, pinaglagari, pinagtutukso, pinagpapatay sa tabak: sila'y nagsilakad na paroo't parito na may balat ng mga tupa't kambing: na mga salat, nangapipighati, tinatampalasan; (Na sa mga yaon ay hindi karapatdapat ang sanglibutan), na nangaliligaw sa mga ilang at sa mga kabundukan at sa mga yungib, at sa mga lungga ng lupa" (Hebreo 11:35-38).

May dalawang bahagi ang tagumpay. Isa, nilulupig nito ang kaaway o ang kahirapan sa pamamagitan ng pagtanggal o pagwasak. Ikalawa, walang pagpapalaya mula sa kaguluhan, nguni't nagtatagumpay ang pananampalataya sa pamamagitan ng kapangyarihan na natatanggap upang makapagtiis at mapatunayan na ang espiritu ay higit na mataas sa lahat ng magagawa ng mga tao o ng diyablo. Ang tagumpay ng pananampalataya ay higit na nakikita sa mga taong hindi nakatanggap ng pagpapalaya mula sa mga nanganganib na kasamaan kaysa doon sa mga nakatanggap. Pagkatapos mabanggit ang mga bayaning nagantimpalaan ng tagumpay ang kanilang pananampalataya, binanggit naman natin dito ang mga taong sa gitna ng mga hindi tumitigil na paghihirap ay nagpapatotoo na ang kanilang pananampalataya ay nagtaas sa kanila mula sa lahat ng mga kasakitan na maaaring ibato sa kanila ng mundo. Nakaranas sila ng labis na pagpapahirap, hindi tumanggap ng pagpapalaya kapalit ng kanilang katapatan upang makamit nila ang higit na kay inam na muling pagkabuhay. Ang espirituwal at walang hanggang katotohanan ay napakalinaw at napakalapit dahil sa pananampalataya kung kaya't hindi alintana ang mga pasakit ng kasalukuyang panahon kung ikukumpara sa kaluwalhatian na mahahayag. Ang tagumpay ng pananampalataya ay parehong makikita sa pagtitiis ng panandaliang pagkatalo at pagtamo ng tagumpay. Ang tagumpay na nawasak ay kadalasan pinakamataas na makakamit.

Nakikita ng Diyos sa mga lalaki at babae, mga pinuno ng marangal na sandatahan ng mga martir, na inayawan at kinamuhian ng mundo ang makalangit na kagandahan ng isang pananampalataya na nagbibigay karangalan sa Kanya, na kinikilala ang Kanyang kalooban, ang Kanyang pabor, ang Kanyang katuwiran bilang higit pa sa makalupang kasiyahan. Sa pamamagitan ng pananampalataya, nakita nila ang Diyos at ang Kanyang mabuting kalooban, at isinakripisyo nila ang lahat nang may kagalakan upang matamo ito. Sa pananampalataya, nagagawa nilang ibilang na mahalaga ang mga kasiyahan ng mundo nang may kagalakan dahil sa katiyakan ng makalangit na gantimpala. Isang napakataas at napakarangal na kilos ng pananampalataya ang magdusa. At ang biyaya na dumarating dahil sa paghihirap ay isa sa mga mayamang gantimpala na mapagtatagumpayan ng pananampalataya.

Binigyan tayo ng Diyos ng mga halimbawa ng mga taong sa pamamamagitan ng kanilang pananampalataya ay nagtagumpay laban sa matinding paghihirap, upang tayo man ay matuto sa kanila kung paano babatahin o dadalhin ang mga maliliit na pagsubok. Ang kanilang pananampalataya sa gitna ng di pangkaraniwang paghihirap ang magpapalakas sa ating karaniwang pananampalataya. Dito sa mga maliliit at karaniwang pagsubok ng pang-araw araw na buhay ng bawat mananampalataya makakasunod sa yapak ng mga banal na ito, sa mga yapak ng mga dakilang Pinuno ng ating kaligtasan. Sa pamamagitan lamang ng pananampalataya natin mapagtitiisan ang paghihirap, malaki man o maliit, naaayon man sa kaluwalhatian ng Diyos o sa ating sariling kapakanan.

Oo, sa pamamagitan lamang ng pananampalataya. Tinitingnan ito ng pananampalataya nang may pagsasaalang-alang sa Diyos at sa kawalang-hanggan; ang maliit na sakit, ang gantimpalang walang hanggan; ang kawalang kapangyarihan nitong manakit sa kaluluwa, ang kapangyarihan nitong maglinis at magpala. Nakikita ng pananampalataya ang Diyos na nagbigay ng pahintulot at nanonood sa ating paglilinis at pagpapabuti, at kinikilala nito na Siya ang kasama natin sa apoy na tumutulong sa ating kalakasan at kaalwan. Nakikita nito ang paghuhubog ng karakter tulad ng sa Anak ng Diyos na nanatiling sumusunod sa kalooban at ikararangal ng Ama ano man ang maging kapalit; higit Siya sa kahit ano pa man na maaaring ibigay ng sanlibutan. Nakikita nito na isang espiritu ng langit ang maging kasalo sa Kanyang kabanalan, ang magkaroon ng pagpapakumbaba at kahinaan at kahinahunan katulad ng Tupa ng Diyos, at ang maging katulad Niyang perpekto sa pamamagitan ng paghihirap, at inaari niyang walang halaga ang lahat makamit lamang ang kayamanang ito. Sa pamamagitan ng pananamplalataya lamang, ng tunay na pananampalataya, maaari tayong maging mas higit pa sa manlulupig sa gitna ng matinding paghihirap.

Pakiusap O Diyos, maaari mo bang sakupin ang kasalanan at mundo, maaari ka bang maging banal at perpekto, maaari bang mamuhay ka bilang tagapagmana ng langit at kawalang hanggan—kung panalangin mo ito, mamuhay ka kung gayon bilang isang taong may pananampalataya, harapin ang bawat pagsubok na may nagagalak na espiritu ng pananampalataya sa Diyos; bawat pagsubok ay magbibigay sa iyo ng marami pang pakikipagtatagpo sa Diyos at maglalapit sa iyo sa pinagpalang presensiya ng Diyos.

-Mula sa The Holiest of All

...Kalayaan Mula sa Alalahanin ...

(pagpapatuloy sa pahina 4)

Hindi nawawalan ng pag-asa ang pananampalataya. Katulad ng pagsigaw ni Pablo na lulan ng barkong Alexandria karga ang mga butil, na noo'y tinakasan na ng pag-asa, "Kaya nga, mga ginoo, laksan ninyo ang inyong loob: sapagka't ako'y sumasampalataya sa Diyos, na mangyayari ayon sa sinalita sa akin" (Gawa 27:25). Ang pananampalataya ay katulad ng nangyari kay David sa Ziklag, na noong tila mapupunta na sa wala ang lahat at hinangad na siyang batuhin ng kanyang mga tauhan, ay pinalakas niya ang kanyang kalooban sa Panginoon (1 Samuel 30:6).

"May anomang bagay kayang napakahirap sa Panginoon?" (Genesis 18:14). "Na ang mga ito, sa pamamagitan ng pananampalataya'y nagsilupig ng mga kaharian, nagsigawa ng katuwiran, nangagtamo ng mga pangako, nangagtikom ng mga bibig ng mga leon "Hebreo 11:33). Ang pananampalataya ay tagumpay (11 John 5:4). Kapag naniwala ang tao, gagawa ang Diyos.

--A.A. Ronshausen

Ang Pagtitiis ng Pananampalataya

Ni C. Judd Montgomery

"Sapagka't kayo'y nangangailangan ng pagtitiis, upang kung inyong magawa ang kalooban ng Diyos, ay magsitanggap kayo ng pangako" (Hebreo 10:36).

"At sa ganito, nang makapaghintay na may pagtitiis, ay nagtamo siya ng pangako" (Hebreo 6:15).

Isang kakaibang pagpapala ang ipinahayag sa Bibliya para sa mga may pagmamahal at matiyagang naghihintay sa Diyos para sa katuparan ng Kanyang mga pangako. Alam nating lahat kung gaano kahalaga ang pananampalataya na nagtagumpay sa sanlibutan.

Dalangin namin na nawa ito'y maganap, at sa dakilang pananampalataya at dahil sinusubok ng Diyos ang pananampalatayang ito, na nawa'y kumilos ang Kanyang mabuting pagtitiis sa ating mga kaluluwa at upang kaagad nating maibulong at hayaang ang ating pananampalataya ay mag-alinlangan.

Sa pamamagitan ng pananampalataya at pagtitiis, ang mga unang banal ay nagmana ng pangako, at tayo'y pinayuhan na maging "mga tagasunod nila" (Heb. 6:12). Ang dakilang pananampalataya ni Abraham, na nakatala sa Banal na Kasulatan, ay isang nakamamangha sa ating nagdududang puso, nguni't napag-isipan ba natin ang nakamamanghang pagtitiis ng pananampalataya ni Abraham? Pagkatapos niyang matiyagang pagtiisan nakamit niya ang kaganapan ng pangako.

Si David, ang lalaking kinalulugdan ng puso ng Diyos, ay pinagpalang naturuan ng Espiritu ng Diyos ng paghihintay sa Panginoon. Muli at muli niyang ipinahayag ang kanyang matiyagang pagtitiwala sa Bato ng kanyang kaligtasan, sa mga salitang ganito:

"Sa Diyos lamang naghihintay ng tahimik ang aking kaluluwa: sa kaniya galing ang aking kaligtasan... Kaluluwa ko, maghintay kang tahimik sa Diyos lamang; sapagka't ang aking pag-asa ay mula sa Kaniya" (Awit 62:1, 5).

"Hinintay ng aming kaluluwa ang Panginoon:Ssiya'y aming saklolo at aming kalasag" (Awit 33:20).

"Aking hinihintay ang Panginoon, hinihintay ng aking kaluluwa, at sa kaniyang salita ay umaasa ako. Hinihintay ng aking kaluluwa ang Panginoon, ng higit kaysa paghihintay ng bantay sa umaga; Oo, higit kaysa bantay sa umaga" (Awit 130:5-6).

"Ako sana'y nanglupaypay kundi ko pinaniwalaang makita ang kabutihan ng Panginoon. Sa lupain ng may buhay. Magantay ka sa Panginoon: ikaw ay magpakalakas, at magdalang tapang ang iyong puso; Oo, umasa ka sa Panginoon" (Awit 27:13-14).

"Aking hinintay na may pagtitiis ang Panginoon; at siya'y kumiling sa akin, at dininig ang aking daing" (Awit 40:1).

Maraming napapagod na mga kaluluwa na ang kanilang mga panalangin ay tila hindi dinidinig sa trono ng Diyos, na ang kanilang mga puso ay nagkakasakit dahil sa ipinagpalibang pag-asa, at halos handa na nilang sabihin, katulad ng nasiraan ng loob na Hari ng Israel, "bakit pa ako maghihintay sa Panginoon?" (2 Mga Hari 6:33).

Mga minamahal na nasiraan ng loob, hindi nyo ba ihihinto ang inyong naiinip na pagpupunyagi, at pagkatapos ninyong iharap ang mga kahilingan ninyo sa pangalan ni Hesus ay magpapahinga sa matamis na pagtitiis ng pananampalataya, at panatag na maghintay at umasa sa harap ng Upuan ng Awa?

Ang pagsubok sa inyong pananampalataya ang nagbubunga ng pagtitiis, at mismong ang oras ng paghihintay ay nagpapalago ng mahalagang bunga para sa kaluwalhatian ng Ama.

Doon sa mga maysakit at pinanghihinaan ng katawan at naghahanap para sa "kabutihan ng Panginoon sa lupain ng mga buhay," hayaan ang mga natira na lumapit nang may kapayapaan at kapangyarihan. "Silang mga naghihintay sa Panginoon ay magkakaroon ng panibaong sigla." Hindi lamang manunumbalik ang kanilang dating lakas, nguni't sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos na nagpapasigla sa kanilang lupang katawan, makararanas sila ng ganap na buhay na "paiilanglang na may mga pakpak na parang mga agila" na siyang magbibigay kakayahan sa kanila na "sila'y magsisitakbo, at hindi mangapapagod" at "magsisilakad at hindi manganghihina" (Isaias 40:31).

Gayundin naman na ang panatag na paghihintay sa Diyos para sa hayagang katuparan ng Kanyang mga pangako ay kasang-ayon sa aktibong pananampalataya na nagpapahayag ng gawa na natupad sa pamamagitan ng tapos na gawa ni Kristo.

Habang tayo'y pinapayuhan na magtiis nang may pananampalataya, binalaan din tayo laban sa katamaran ng kawalang paniniwala. "Na huwag kayong mga tamad, kundi mga taga tulad kayo na sa pamamagitan ng pananampalataya at ng pagtitiis ay nagsisipagmana ng mga pangako" (Hebreo 6:12).

Katulad ng mga mandirigma ng Diyos noong una, maaari din nating sabihin sa mabuting pakikipagdigma ng pananampalataya, "...Tulungan mo kami, O Panginoon naming Diyos: sapagka't kami ay nagsisitiwala sa iyo, at sa iyong pangalan ay kami nagsisiparito laban sa karamihang ito..." (2 Cronica 14:11).

"At dahil dito maghihintay ang Panginoon, upang siya'y maging mapagbiyaya sa inyo, at kaya't mabubunyi siya, na siya'y magdadalang habag sa inyo: sapagka't ang Panginoon ay Diyos ng kahatulan; mapapalad yaong lahat na nangaghihintay sa kaniya" (Isaias 30:18).

Pagluluwalhati sa Diyos sa Gitna ng Apoy

Ni George Whitefield

Ang apoy, mga kapatid, ay hindi lamang nakasusunog at nakalilinis; ito rin ay nakapaghihiwalay. Alam ng Makapangyarihang Diyos na kadalasan mas nalilinis tayo ng isang matinding pagsubok sa loob ng isang oras kaysa sa libong pagpapahayag ng Kanyang pag-ibig. Napakagandang bagay ang malinis, ang mapatawad mula sa pugon ng kapighatian; ito ay naglalayong linisin tayo, ihiwalay ang mga mamahalin sa masama, ang ipa sa trigo: at upang magawa ito, nalulugod ang Diyos na isailalim tayo paulit-ulit sa apoy.

Lahat tayo'y nag-iisip na mabuti naman tayong mga Kristiyano hanggang sa ipasok tayong paulit-ulit sa pugon. "Mga minamahal," sabi ng alagad, "tungkol sa mahigpit na pagsubok sa inyo, na dumarating sa inyo upang kayo'y subukin..." (1 Pedro 4:12). Ano ang dapat kong gawin? Ang mabuting bagay ay ang matutuhan na bigyang-luwalhati ang Diyos sa gitna ng apoy. "Kaya't luwalhatiin ninyo ang Panginoon sa mga apoy..." (Isaias 24:15).

Kailan natin Siya luluwalhatiin? Luluwalhatiin natin ang Diyos kapag nagsumikap tayong makatanggap ng biyaya mula sa Panginoon upang hindi natin Siya malapastangan kapag tayo'y nasa ilalim ng krus. Kaya't niluluwalhati natin ang Diyos sa gitna ng apoy kapag tahimik natin itong tinitiis bilang parusa o pagwawasto sa atin, kapag matiyaga natin itong tinitiis.

Ang Pagpapala ng Kapighatian

By J. C. Ryle

Isang babaing Cananea ang umiiyak na humingi ng tulong sa ating Panginoon para sa kanyang anak na babae, "Kahabagan mo ako," ang sabi niya, "O Panginoon, ikaw na Anak ni David" (Basahin sa Mateo 15:21-28).

Itong Cananea na ina ay walang duda na nakaranas ng matinding pagsubok. Nakita niya ang kanyang minamahal na anak na ginugulo ng isang diyablo, at walang nagawa para tulungan ito. Nguni't ang kaguluhang iyon ang nagdala sa kanya kay Kristo, at nagturo sa kanya na manalangin. Kung wala nito, maaaring nabuhay at namatay siya sa kamangmangan at hindi man lang nakita si Hesus. Marahil mabuti para sa kanya ang magkaroon ng pighati (Awit 110:71).

Tandaan natin itong mabuti. Ang ating kawalang pagtitiis sa gitna ng ligalig o kaguluhan ay nagpapakita ng kamangmangan. Nakakalimutan natin na ang bawat krus ay mensaheng galing sa Diyos, at naglalayon para sa ating kabutihan. Ang mga pagsubok ay naglalayong papag-isipin tayo, upang iwalay tayo sa mundo, upang ilapit tayo sa Bibliya, at turuan tayong lumuhod. Mabuting bagay ang kalusugan, nguni't mas higit na mabuti ang sakit kung ito'y magdadala sa atin palapit sa Diyos. Ang kasaganaan ay isang dakilang pagpapala, nguni't ang kahirapan ay higit pa kung ito'y magdadala sa atin kay Kristo. Ano mang bagay ay higit pa sa pamumuhay ng kawalang-ingat at mamatay sa kasalanan. Libong beses na mas mainam ang mahirapan, katulad ng inang Cananea at katulad niya ay tumakbo papunta kay Kristo, kaysa sa mamuhay ng may kasaganaan katulad ng mayamang "hangal," at mamatay nang walang Kristo at walang pag-asa (Lucas 12:20).

Magtiyaga sa Panalangin

Anong lakas ng loob ang dala ng pagiging sigasig sa panalangin, para sa ating mga sarili at sa iba. Wala ng hihigit pa sa paglalarawan sa katotohanang ito na matatagpuan sa talatang ito. Tila hindi talaga napansin ni Hesus noong una ang panalangin nitong pinahirapang ina. Si Hesus ay "hindi sumagot ng anomang salita sa kaniya." Subali't nagpatuloy siyang manalangin. Ang sagot na namutawi sa mga labi ng Panginoon ay tila nakapanghihina ng loob: "Hindi ako sinugo kundi sa mga tupang nangaligaw sa bahay ni Israel." Subali't nagpatuloy siyang manalangin: "Panginoon, saklolohan mo ako!" Ang ikalawang sagot ng ating Panginoon ay mas higit na nakapanghihina ng loob kaysa sa unang tinuran: "Hindi marapat na kunin ang tinapay sa mga anak at itapon sa mga aso." Gayunpaman "ang pagasa na nagluluwat" ay hindi "nagpapasakit ng puso" (Mga Kawikaan 13:12). At hindi pa rin siya natahimik. Nagpatuloy pa rin sya sa pagsumamo para sa mga "mumo" ng awa na ipagkaloob sa kanya. At ang kanyang pagiging masigasig ay nagbunga ng isang mabiyayang gantimpala. "O babae, malaki ang pananampalataya mo: mangyari sa iyo ayon sa ibig mo." Ang pangakong iyan ay hindi pa nababali. "...Magsihanap kayo, at kayo'y mangakasusumpong..." (Mateo 7:7).

Alalahanin natin ang kuwentong ito kapag nananalangin tayo para sa ating mga sarili. Minsan natutukso tayong isipin na wala tayong mapapala sa ating mga panalangin, at mas mabuting sumuko na lang. Labanan natin ang tukso. Galing ito sa diyablo. Maniwala tayo, at patuloy na manalangin. Laban sa gumagambalang mga kasalanan, laban sa espiritu ng sanlibutan, laban sa mga pakana ng diyablo, patuloy tayong manalangin at huwag manghina. Para sa lakas na gawin ang tungkulin, para sa biyaya na batahin ang mga pagsubok, para sa ginhawa sa bawat kaguluhan, patuloy tayong manalangin. Tiyakin natin na wala tayong ibang paggugugulan ng ating oras sa bawat araw higit pa sa gugugulin natin na nakaluhod. Naririnig tayo ni Hesus, at ibibigay Niya ang kasagutan sa Kanyang takdang panahon.

Mamagitan Ka Para sa Iba

Alalahanin natin ang kuwentong ito kapag namagitan tayo para sa iba. Mayroon ba tayong mga anak na hinahangad natin ang pagbabalik-loob? Mayroon ba tayong mga kamag-anak at kaibigan na nababalisa tayo tungkol sa kanilang kaligtasan? Sundin natin ang halimbawa ng babaing Cananaen, at ilagak natin ang kalagayan ng kanilang mga kaluluwa sa harapan ni Kristo. Araw at gabi nating banggitin ang kanilang mga pangalan sa Kanya, huwag tayong huminto hangga't hindi natin natatanggap ang kasagutan. Maaari tayong maghintay ng taon. Maaaring parang walang saysay ang ating panalangin at walang pakinabang ang ating pamamagitan. Nguni't huwag tayong sumuko. Maniwala tayo na si Hesus ay hindi nagbabago, at Siya na nagkaloob ng kahilingan ng inang Cananea ay makikinig din sa ating panalangin at isang araw ay magbibigay sa atin ng kasagutan ng kapayapaan.

Pagluluwalhati sa Diyos sa Gitna ng Apoy...

(pagpapatuloy sa pahina 7)

Niluluwalhati natin ang Diyos sa gitna ng apoy kapag lubos na tayong naniniwala na hindi tayo ilalagay ng Diyos sa apoy kung hindi ito para sa ating kabutihan at sa Kanyang kaluwalhatian.

Niluluwalhati natin ang Diyos sa gitna ng apoy kapag sinasabi nating, "Panginoon, huwag mong hayaang mamatay ang apoy hanggat hindi pa nito nalilinis ang lahat ng mga latak." Niluluwalhati natin ang Diyos kapag hinahangad pa natin ang mabuting apoy, kapag nasasabi na ng ating kaluluwa, "Narito ako, aking Diyos, gawin mo kung ano ang makabubuti sa akin sa Inyong paningin."

Niluluwalhati natin ang Diyos sa gitna ng apoy kapag kuntento na nating masasabi na, "Hindi ko alam kung ano ang ginagawa ng Diyos sa akin ngayon, nguni't malalaman ko rin pagkatapos." Niluluwalhati natin ang Diyos sa gitna ng apoy kapag kuntento tayong lumalakad sa pananampalataya at hindi sa nakikita.

Niluluwalhati natin ang Diyos sa gitna ng apoy kapag hindi tayo nagrereklamo, bagkus mapagpakumbaba tayong nagpapasakop sa Kanyang kalooban. Ang mapagpakumbabang espiritu ay hindi lumalakad nang may pagtatampo at katigasan ng ulo. Noong ibinigay kay Eli ang masamang balitang iyon, ano ang sinabi niya? "Panginoon nga: gawin niya ang inaakala niyang mabuti" (1 Samuel 3:18).

Niluluwalhati natin ang Diyos sa apoy kung sa gitna ng apoy, tayo'y maka-aawit pa ng matataas na papuri sa Diyos. Kaya't ang anak ni Israel ay binigyang parangal ng Panginoon; ang awit ng tatlong kabataan sa nagniningas na pugon ay isang matamis na awit! Gayon din ang lahat na nalilikha sa gitna ng apoy. O ang lahat ng gawa ng Panginoon, purihin at sambahin Siya magpakailanman! "...Hindi lamang gayon," ang sabi ng alagad, "tinatanggap din natin ang mga kapighatian: alam natin ang kapighatian ay nagbubunga ng pagtitiis" (Roma 5:3).

Sa salita, niluluwalhati natin ang Panginoon sa gitna ng apoy kapag isinasabuhay natin ang pagtitiis, kababaang-loob, pagpapakumbaba; matutong huwag magtiwala sa sarili, sa malalim na kaalaman ng ating kahinaan at ng kapangyarihan at biyaya ng Diyos. Masaya kapag nakakapagbalik-tanaw tayo at nasasabing, "Kaya't nagawa kung bigyang luwalhati ang Diyos sa gitna ng apoy."

-Inangkop.

Magtiwala sa Diyos

Ni Kim Butts

"Bakit ka nanglulumo, O kaluluwa ko? At bakit ka nababagabag sa loob ko? Umasa ka sa Diyos: sapagka't pupuri pa ako sa kaniya, na siyang kagalingan ng aking mukha, at aking Diyos" (Awit 43:5).

Ang mga henerasyon na sumunod sa atin ay tumitingin sa atin para sa kalakasan. Binabantayan nila tayo kung paano natin haharapin ang mga sagabal, pagkabigo at maging ang mga sakuna. Kapag nakita nila tayong nawawatak-watak dahil sa kawalan ng likas na kalakasan sa halip na sumandal sa malakas na braso ng Ama, hindi nila tatanggapin ang kapangyarihan ng Krus ni HesuKristo! Sa halip, iisipin nila na ang pananampalataya na siyang batayan ng ating buhay ay mahina at walang bisa. Alang-alang sa kanila at sa atin gayun din para sa kaharian, kailangan nating maging matatag sa paniniwalang Siya na nangako sa atin ay tapat (Hebreo 10:23). Dapat tayong maging malakas at matapang sa kaalaman nang walang pag-aalinlangan na hindi Niya tayo iiwan o tatalikuran (Deut. 31:6). Pangungunahan Niya tayo at Siya ang ating bantay sa likod (Isa. 52:12). Ang mga plano Niya at ang layunin ng Kanyang puso sa lahat ng henerasyon ay mananatiling matatag magpakailanman (Awit 33:11).

Tumingin tayo sa Salita ng Diyos at sundin ito habang hawak natin ang kamay ng Tagapagligtas na nais tayong iahon sa luwad na lusak at itayo tayo nang matibay sa Bato (Awit 40:2). Siya lang ang may sagot sa lahat ng sitwasyon, mabigat na suliranin, pagkabigo, adiksyon at tukso na kinakaharap natin sa buhay! Kung nakaramdam ka ng pagkapagod at kabigatan dahil sa mga pangyayari sa iyong buhay, panahon na upang pasanin ninyo ang Kanyang pamatok at matuto sa Kanya upang mabigyan Niya kayo ng kapahingahan (Mateo 11:28-30). Ngayon ang panahon na humakbang upang hayaan ang Panginoon na talunin ang gawa ng kaaway sa inyong buhay upang maangkin mo ang tagumpay kay Kristo Hesus na ating Panginoon.

Dapat mong malaman na mayroon kang kaaway na nagnanais kang sirain. "Kayo'y maging mapagpigil, kayo'y maging mapagpuyat; ang inyong kalaban na diyablo, na gaya ng leong umuungal, ay gumagala na humahanap ng masisila niya: Na siya'y labanan ninyong matatag sa inyong pananampalataya..." (1 Pedro 5:8-9). Kung ikaw ay alerto, iiyak ka sa Diyos at maghahanda upang mapaglabanan mo ang atake. Sa kaalamang si Hesus ay "siya rin ang magpapasakdal, magpapatibay, at magpapalakas sa inyo," (v. 10), makakayanan mo ang lahat ng atake ng kaaway. Isuot mo ang iyong baluti araw araw, kunin mo ang armas ng pakikipagdigma at manalangin (Efeso 6:12-18). "Kayo'y mangagpuyat at magsipanalangin, upang huwag kayong magsipasok sa tukso: ang espiritu sa katotohanan ay may ibig, datapuwa't mahina ang laman" (Mateo 26:41).

Manalangin nang may tiwala sa Kanya na tutulong sa iyo sa panahon ng pangangailangan. Alalahanin mong kailangan mong mamili kapag ikaw ay natutuksong magkasala, o makaramdam ng kawalan ng pag-asa. Maaari kang sumuko sa naisin ni satanas o maging matatag sa Bato, kay Kristo Hesus na magbibigay sa iyo ng tagumpay.

Unawain mong ang Panginoon ang makikipaglaban para sa iyo (Exo 14:14). Hindi sa atin ang digmaan para manalo—ito'y Kanya! Hindi matatamo ang tagumpay sa pamamagitan ng ating sariling lakas. Kailangan nating maging alerto at handa; sapagka't Siya ang Panginoon na malakas at makapangyarihan sa labanan (Awit 24:8).

Angkinin mo ang pangako ng iyong tagumpay. "At si Satanas ay dudurugin ng Diyos ng kapayapaan sa madaling panahon sa ilalim ng inyong mga paa. Ang biyaya nawa ng ating Panginoong HesuKristo ay sumainyo" (Roma 16:20). Ilagay mo ang iyong pag-asa sa Panginoong Hesus at papalitan niya ang ating pagluluksa ng pagsasayaw. Pupunuin ka Niya ng kagalakan at magtatatag ng makadiyos na pamana para sa mga henerasyon sa pamamagitan mo habang nagpapakatatag ka sa Kanyang Salita at sa mga pangakong mula sa Kanyang puso patungo sa iyo. "Iyong pinapaging sayaw sa akin ang aking tangis; iyong kinalag ang aking kayong magaspang, at binigkisan mo ako ng kasayahan: Upang ang pagluwalhati ko ay umawit na pagpupuri sa iyo at huwag maging tahimik: O Panginoon kong Diyos, ako'y magpapasalamat sa iyo magpakailan man" (Awit 30:11-12).

-Pinaikli

Mga Hakbang Tungo sa Kaligtasan

1. Ikumpisal mo sa Diyos na ikaw ay makasalanan at nararapat lang na mamatay. "Sapagka't ang lahat ay nangagkasala nga, at hindi nangakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos" (Roma 3:23). "Sapagka't ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan" (Roma 6:23).

2. Sa pighati, talikuran mo ang iyong mga kasalanan, lumapit sa Diyos, at humingi ng Kanyang kapatawaran. "Lisanin ng masama ang kaniyang lakad, at ng liko ang kaniyang mga pag-iisip; at manumbalik siya sa Panginoon, at kaaawaan niya siya...sapagka't siya'y magpapatawad ng sagana" (Isaias 55:7).

3. Sa paniniwalang "si Kristo ay namatay dahil sa ating mga kasalanan, ayon sa mga kasulatan, At siya'y inilibing; at siya'y muling binuhay," (1 Corinto 15:3-4) magtiwala ka kay Kristo na Tagapagligtas at ipahayag mo Siya bilang Panginoon. "Sapagka't kung ipahahayag mo ng iyong bibig si Hesus na Panginoon, at sasampalataya ka sa iyong puso na binuhay siyang mag-uli ng Diyos sa mga patay ay maliligtas ka" (Roma 10:9). "At sinabi sa kanila ni Pedro, Mangagsisi kayo, at mangagbautismo ang bawa't isa sa inyo...Yaon ngang nagsitanggap ng kaniyang salita ay nangabautismuhan..." (Mga Gawa 2:38, 41).

Magtiwala sa Panginoon Para sa Tamang Tiyempo o Takdang Oras

Kung ang puso mo ay nakatuon sa natatanging bagay sa panalangin, kung mayroon kang binigkas na pangako para dito, hindi ka dapat magulat na ang bagay na iyong ninanasa ay mas lumayo pa sa ngayon kaysa sa noong nagsisimula ka palang manalangin para dito. Maghintay sa upuan ng awa nang may buong paniniwala na bagama't tila matagal kumilos ang Diyos, at ang oras na iyon ay hindi mo oras, nguni't gagawin Niya at tutuparin Niya ang kanyang pangako kapag dumating na ang takdang panahon... Hinding-hindi niya hahayaang mapawalang saysay ang iyong mga panalangin. Alalahanin na ang pagtitiwala sa Diyos sa gitna ng liwanag ay mabuti, ngunit ang magtiwala sa Kanya sa gitna ng kadiliman—iyan ang pananampalataya.

-Charles Spurgeon

Mary Slessor — Misyonaryo sa Calabar
(Part 1)

Inayos mula sa talambuhay ni Mary Slessor (1848-195)

Dalawampu't walong taon ang dalagang si Mary Slessor nang naglayag siya mula Scotland patungo sa Calabar, Nigeria noong 1876. Ang bapor na nagdala sa kanya sa layong limampung milya Sa Cross River upang bumaba sa Duke Town ay naglayag sa ruta kung saan maraming mga alipin ang naglakbay ng mga naunang araw. Dala-dala ang mga produkto tulad ng alak at mga baril, ang barko ay naglayag lulan ang mga aliping Aprikano. Ang mga aliping ito ay ninakaw o binihag mula sa mga tribo. Maraming mga alipin ang namatay dahil sa kahabag-habag na kundisyon habang bihag at naghihintay ng barko na magdadala sa kanila sa malayong destinasyon.

Mahigit ng tatlumpong taon noon bago pa man dumating si Mary Slessor nung nagkaroon ng kasunduan sa pagitan ng mga opisyales ng Briton at mga pinuno ng lugar na ihihinto na ang panlabas na pagkalakal sa mga alipin. Nguni't marami pa ring mga alipin ang nagsisilbi sa kanilang mga panginoong Aprikano. Ang pagkalakal sa mga alipin ay nagpasama nang husto sa mga tao at nagpababa sa halaga ng buhay. Ang kalupitan at karahasan na kaakibat ng pagkalakal sa mga alipin ay nakaapekto sa lugar. Malayang umagos ang dugo ng tao. Naging kalakaran pa rin ang pagsakripisyo sa tao, lalo na noong mamatay ang nakatataas na Aprikano kung saan ang mga balo at alipin ay pinatay upang magsilbing mga alagad na kasamang inilibing sa patay.

Hindi lingid sa kaalaman ni Mary Slessor ang kundisyon na kahaharapin niya sa lupain ng kanyang pagtawag, sapagkat ang "Calabar" ay kilala mula pa noong siya'y bata pa. Ang kanyang ina na isang mahinahon at relihiyosong babae ay naakit sa balita ng isang nakabakasyong misyonaryo mula sa Calabar na nagkuwento tungkol sa ginagawang tulong doon sa mga Aprikano na nakaranas ng kahirapan dahil sa pagkalakal ng alipin.

Hiniram ni Gng. Slessor ang magasing "Missionary Record" mula sa silid-aklatan ng iglesya at binasa sa mga bata. Noong may dumating muli na isang misyonaryo para magsalita tungkol sa Calabar, dinala niya ang kanyang anak na si John at Mary upang makinig dito. Hinikayat niya ang kanyang mga anak na maglaro na kunwari ay nagtuturo sila sa mga anak ng Aprikano. Ang nais ni Gng. Slessor at panalangin ay balang araw isa sa kanyang mga anak na lalaki ay sasali sa ranggo ng mga magigiting na misyonaryo sa Calabar. Nguni't ang kanyang panganay na anak na si Robert ay namatay noong bata pa lamang, at si John ay nakatakda ding mamaalam sa mundo sa murang edad. Nguni't isang araw, nagtapat si Mary Slessor sa kanyang ina tungkol sa tumitibay niyang paniniwala na dapat siyang pumunta sa Calabar. Natuwa si Gng. Slessor.

Mga Taon ng Paghahanda ni Mary

Lumipas pa ang dalawang taon mula nang maisip ni Mary na magtungo sa Calabar, bago siya nakalulan sa bapor patungo sa lugar. Nguni't ang paghahanda niya para sa kahirapan ng buhay sa Aprika ay nagsimula maraming taon na. Ang ama niya ay sapatero at ang ina niya ay manghahabi. Ang kundisyong pangkabuhayan noon sa Scotland ang nagtulak sa ama at ina nila na parehong magtrabaho para suportahan ang pitong magkakapatid, tatlo sa mga ito ang namatay noong mga bata pa lamang. Kay Mary napunta ang responsibilidad sa pag-aalaga ng kanyang mga nakababatang kapatid. Maraming taon na naninirahan ang pamilya sa isang masikip na kuwarto sa mahirap na bahagi ng lungsod ng Dundee.

Noong si Mary ay labing isang taong gulang, nagsimula siyang magtrabaho ng kalahating araw sa habian. Ang kalahati ng araw ay ginugol niya sa pag-aaral sa eskwelahan. Ito ay nakakapagod na gawain para sa isang batang babae lalo't hindi pa malusog. Noong labing-apat na taong gulang na siya, nagsimula na siyang buong araw na magtrabaho. Doon sa bahaging iyon ng lungsod, naging kilala si Mary at ang kanyang mga kaibigan na "ligaw na mga dalagita" at si Mary ang kanilang pinuno.

Ang kanyang palabang espiritu ay lumalabas kapag Sabado laban sa kanyang amang manginginom. Galit ang tugon niya sa karahasan ng kanyang ama at ang resulta nito ay minsan pinalalabas at pinagsasarhan siya ng pinto sa kanilang maliit na bahay hanggang sa matahimik ang ama at mapagbuksan siya ng kanyang ina papasok sa bahay upang makaiwas sa lamig at sa mga lasing na dumadaan sa kalsada.

Ang Bagong Mary

Regular na dumadalo si Mary sa Wishart Memorial Church kasama ang kanyang ina at mga kapatid, nguni't ang mga mensahe ay tila walang halaga sa kanya. Napagtanto lamang ni Mary ang kanyang naliligaw na kundisyon dahil sa isang banal na matanda sa kanilang komunidad na nag-anyaya sa mga "ligaw na dalagita" sa kanyang tahanan at binalaan sila sa impyerno na kanilang babagsakan dahil sa kanilang walang pagpipigil na pamumuhay; noon siya lumapit sa Tagapagligtas. "... Na hindi ninyo nakita ay inyong iniibig; na bagama't ngayon ay hindi ninyo siya nakikita, gayon ma'y inyong sinasampalatayanan, na kayo'y nangagagalak na totoo na may galak na di masayod at puspos ng kaluwalhatian: Na inyong tinatanggap ang layunin ng inyong pananampalataya, ang pagkaligtas ng inyong mga kaluluwa" (1 Pedro 1:8-9).

Nagsimula siyang magbasa ng Bagong Tipan at iba pang mga aklat patungkol sa Diyos. Dahil nahihirapan siyang makaunawa, nagpasya syang pumasok panggabi sa eskwelahan dalawang beses isang linggo. Naging idolo niya si David Livingstone, isang tanyag na tao sa Scotland. Nagsimula siyang magbasa ng mga aklat habang nagtatrabaho sa habihan, katulad ni Livingstone noong siya'y nagtatrabaho pa bilang manghahabi.

Lumaki si Mary na maalalahanin at isang dalagang may malinaw na pag-iisip at higit na mas interesado sa Bibliya. Lumalim siya sa kanyang kaalaman kay Kristo at natuto siyang makipag-usap sa Panginoon saan man at kahit anong oras.

Hiniling ng pastor na magturo siya sa Sunday school ng mga bata. Nagprisinta din si Mary na tumulong sa pastor sa misyon ng youth club na binuksan sa iskwater. Ginugulo ng mga sanggano ang mga misyonaryong manggagawa sa lugar at tinangka nilang guluhin ang mga pagtitipon na dinaraos sa labas kapag tag-init. Pinayuhan ng pastor ang mga misyonaryong manggagawa na humayo at makipagpulong ng dalawahan, nguni't kadalasan hindi na naghahanap pa ng kapareha si Mary. Ang buhay niya sa kalye noong dalagita pa siya ay nagbigay sa kanya ng reputasyon na palaban, at pakiramdam niya ay ligtas siya.

Isang araw habang papunta siyang magisa sa pagtitipon, pinaikutan siya ng isang grupo ng mga kabataan. Sinimulan ng pinuno nila na mag-unday ng bolang tingga na may tali at pinuntirya ang ulo ni Mary. Walang takot na hinamon niya ito: kapag hindi siya napaudlot, lahat sila ay dadalo sa pagtitipon at magpapakabait. Tinanggap nila ang hamon. Inunday ng pinuno ang bola palapit nang palapit sa ulo ni Mary. Lumapit ng labindalawang pulgada ang bola at nanatiling nakatayo nang hindi man lang siya napakislot. "Matapang siya!" ang sigaw ng pinuno, at hinila niya ang bola pabalik. Pumunta sila sa pagtitipon, at nahikayat ni Mary ang ilan sa mga ito na sumali sa gawaing pagtulong sa kapwa sa kanilang lugar.

(Itutuloy)

"Hindi Ka ba Nag-aalala na Tayo'y Mamamatay?"

Lois J. Stucky

Pare-parehong isinulat nina Mateo, Marcus at Lucas ang madulang insidente noong si Hesus at ang Kanyang mga alagad ay tumawid sa Dagat ng Galilea at isang malakas na hanging bagyo ang dumaluhong sa kanila (Mateo 8:23-27; Marcus 4:35-41; Lucas 8:22-25). Maging ang pinakamalakas na pagsisikap ng mga may karanasang bangkero sa bangka ay hindi nakapantay sa mga nakadudurog na alon, at unti-unting napuno ng tubig ang kanilang sinasakyan hanggang sa tila nanganib silang lumubog. May kapayapaang natutulog ang pagod na si Hesus sa likod ng bangka. Sa kanilang desperasyon, ginising nila Siya, "Panginoon, Panginoon, mamamatay tayo!" ang sigaw nila sa gitna ng umuungol ha hangin. "Wala ka bang pakialam na tayo'y mamamatay?" Tumayo si Hesus at sinaway ang hangin at ang tubig at nagkaroon ng kapanatagan. Sinaway din Niya ang Kanyang mga alagad dahil sa kanilang takot. "Nasaan ang inyong pananampalataya?" ang tanong Niya sa kanila, habang namamangha silang nakamasid sa nangyayaring kagila-gilalas, na nagpapatunay na si Hesus ay Panginoon maging ng mga hangin at alon.

Sa ating mundo ngayon, may mga iba't ibang uri at lakas ng bagyo: personal, pamilya, komunidad, pambansa, pandaigdigan. Sa palagay mo ba tatanungin din tayo ng Panginoon, "Nasaan ang iyong pananampalataya?" habang unti-unting nanghihina ang ating puso dahil sa mga bagyo ng buhay? Dapat matuto tayong harapin ang mga bagyo sa buhay nang may pananampalataya. Maihahanda natin ang ating mga sarili na maging kalmado sa bagyo sa pamamagitan ng pagpapalakas ng ating pananampalataya sa paraan ng Bibliya: "... Kaya nga ang paniniwala'y nanggagaling sa pakikinig, at ang pakikinig ay sa pamamagitan ng salita ni Kristo" (Roma 10:17). Kung handa tayong magsakripisyo nang ano mang bagay na kinakailangan upang makapagbigay tayo ng sapat na panahon na basahin ang Salita ng Diyos araw araw at pagnilayan ito, lalago ang ating pananampalataya at lalakas sa harap ng mapanganib na mga araw. Ang mga halimbawa ng mga makadiyos na lalaki at babae na nababasa natin sa Bibliya ang tutulong sa ating magtagumpay sa mga kahirapan na kinakaharap natin sa pamamagitan ng paglalagay ng ating tiwala sa pinagpalang Tagapagligtas na hindi iiwan o tatalikod sa atin.

Tiyak na bawat isa sa atin ay mayroong tao sa ating pamilya, kapitbahay, katrabaho o kaibigan na nangangailangang makita sa atin ang halimbawa ng mga matatag na lalaki at babae ng pananampalataya, na una sa lahat ay mangangalaga sa relasyon kay Kristo, at pagkatapos ay magiging tulong sa labanang kinakaharap nila. Maaaring may isang taong, sa kanyang desperasyon, sa katahimikan ng kanyang puso, ay umiiyak ngayon, "Wala ka bang pakialam na ako ay mamamatay?" Maaaring nais kang gamitin ng tunay na Tagapag-alaga upang para sa Kanya ikaw ay mangusap ng kapayapaan sa taong naguguluhan.

Sinasabi ni Hesus na *"Tumingin sa Taniman"* na Hinog na para Anihin

At ituon natin ang ating pansin kasama ni Hesus doon sa mga milyong tao sa mundo na nakikita Niyang nasa malubhang panganib ng kamatayan na walang hanggan. Isang malungkot na katotohanan na marami sa mga milyong ito ay tunay na taos ang puso sa kanilang pagsisikap sa relihiyon, nguni't ang lahat ay walang kabuluhan. Yumuyuko sila sa mga walang buhay na estatwa; tapat nilang binibigkas ang mga panalanging ritwal; iniikot nila ang gulong ng panalangin at nagsisindi ng kandila; naghahandog sila ng mga sakripisyo upang payapain ang mga masasamang espiritu. Gayunpaman sila'y mamamatay! Hindi nila narinig na "Ang lahat na nagsisitawag sa pangalan ng Panginoon ay mangaliligtas" (Roma 10:13).

Noong makita ni Hesus ang makapal na tao habang naglalakad Siya sa baybayin ng Galilea, ang Kanyang malambot na puso ay naghangad sa kanila. Marami sa kanila ang kinakitaan ng marka ng pagbubuhat ng mga pasanin na hindi na nila kaya. Nanghihina na ang kanilang mga puso. Katulad nila ang nagkalat na mga tupa na walang nag-aalagang pastol na magtatanggol at tutulong sa kanila. At ganito din ngayon sa maraming lugar sa mundo.

Hinimok ni Hesus ang Kanyang mga alagad (at tayo!) na manalangin sa Diyos, ang Panginoon ng Ani upang tipunin ang mga ito (Lucas 10:2). Mahalaga sa Kanya ang aning ito. Salamat sa Diyos sa bawat tao at bawat iglesya at organisasyon na pinadala Niya sa anihan.

Bagama't marami sa atin ang hindi personal na nakakapunta sa anihan sa mundo, hindi naman tayo magpapabaya na tumungo sa pamamagitan ng panalangin. Upang maligtas ang mga kaluluwa mula sa kaharian ng kadiliman patungo sa kaharian ng Kanyang minamahal na Anak, upang matulungan ang mga kaluluwang maalis sa masukal na kadiliman patungo sa Kanyang kahanga-hangang liwanag, mangangailangan ng higit pa sa panandaliang panalangin. Sino ang may kakayahan dito? Nawa'y bigyan tayo ng Diyos ng biyaya na pumasok sa umaaning uri ng panalangin na magdadala sa mga tao sa makalangit na lugar kung saan si Hesus ay naghahanda para sa kanila!

PAUNAWA

KUNG MAGPAPADALA PO KAYO NG KALOOB UKOL DITO SA GAWAIN NG PANGINOON, MANGYARI PO LAMANG NA ISULAT SA MONEY ORDER SA PANGALAN NG TAGALOG HERALD INT'L. POSTAL MONEY ORDER

TAGALOG HERALD INT'L.
C/O SIS. ZENAIDA A. SARMIENTO
65 SANTIAGO CIRCLE GATE 2
ST. ANTHONY SUBD. TAYTAY RIZAL 1920
MARAMING SALAMAT PO

Republic of the Philippines
PHILIPPINE POSTAL CORPORATION
National Capital Region
Liwasang Bonifacio
1000 Manila

Permit No. : _____
Date Granted : _____

SWORN STATEMENT

The undersigned ZENAIDA A. SARMIENTO, editor/managing editor/business manager/owner/publisher of PAHAYAG NG KANYANG PAGDATING (Title of Publication), _____ (Frequency of Issue) QUARTERLY (Languages in which printed)) at _____ (Office of Publication) entered as THIRD CLASS (First, Second, and/or Third class) office of entry _____ after having duly sworn to in accordance with law, hereby submits the following statements of ownership, management, circulation, etc. which is required by Act. 2580 as amended by Commonwealth Act. 201.

ADDRESS

Editor _____
Manager Editor ELY G. SARMIENTO
Business Manager ZENAIDA A. SARMIENTO
OWNER TAGALOG HERALD INTERNATIONAL
Publisher TAGALOG HERALD INTERNATIONAL
Printer _____
Office of Publication TAGALOG HERALD INTERNATIONAL

If publication is owned by a corporation, stockholders owning one percent or more of the amount of stocks

Bond Holders, mortgages or other security holders owning one percent or more of the total amount of security. _____

In case of daily publication, average number of copies printed and circulated of each issue during the preceding month of _____
1. Sent to paid subscribers _____
2. Sent to others than paid subscribers _____
Total _____

In case of publication other than daily total number of copies printed and circulated at the last issue date

1. Sent to paid subscribers _____
2. Sent to other than subscribers _____
Total _____

ZENAIDA A. SARMIENTO
Signature

OFFICE MANAGER
Designation

SUBCRIBED AND SWORN TO, before me this _____ day of _____, 2007 _____ in the City of _____ Philippines. Affiant exhibiting to me his / her Community Certificate No. 21134114 Issued at TAYTAY RIZAL on 01/21/ _____